



SULONG!

Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI
www.cardmri.com | Tomo 4 Bilang 3 | Agosto-Oktubre 2017

CARD MRI pinaigting ang ugnayan sa Vietnam

ni JEFFREY TANDINGAN



Nasa larawan (mula kaliwa pakanan) sina VWU Vice President, Nguyen Thi Tuyet; CARD MRI Senior Research Adviser, Aniceta Alip; CARD MRI Managing Director, Flordeliza Sarmiento; VWU President, Nguyen Thi Thu Ha; CARD MRI Founder and Chairman, Dr. Jaime Aristotle B. Alip; at CARD MRI Director for RMU/Partnership/IG, Jean Pauline Landicho.

Bumisita kamakailan sa Vietnam si CARD MRI Founder at Chairman, Dr. Jaime Aristotle B. Alip kasama sina CARD MRI Managing Director, Flordeliza Sarmiento, CARD MRI Research Adviser, Aniceta Alip at CARD MRI International Group Director-OIC, Jean Pauline Landicho upang mas patibayin ang pakikipag-ugnayan nito sa nasabing bansa.

Nagtungo ang CARD MRI sa Vietnam Women's Union (VWU) at sa iba pa nitong mga kaanib partikular na sa TYM Fund, isang Vietnamese *financial institution*, upang patibayin ang pakikipag-ugnayan nito kasama ang VWU sa *microfinance, microinsurance, business development*, at

capacity-building services.

Nagbunga ang pagbisitang ito ng karagdagang *scholarship grants* sa mga direktor ng VWU sa Southeast Asia Interdisciplinary Development Institute (SAIDI) at ang pakikipagtulungan ng CARD MRI sa Vietnam Women's Academy para sa *exchange program* ng mga estudyante at mga guro nito.

Sa ngayon, pinapalawig ng CARD MRI ang presensya nito sa Southeast Asia (SEA) upang ibahagi ang mga pamamaraan nito sa kapwa *microinsurance institutions* sa mga karatig bansa sa Asya at maabot ang mithiin na iwaksi ang kahirapan hindi lamang sa Pilipinas kundi maging sa buong mundo.

Microinsurance ng CARD, itinampok sa UNISDR Global Conference

ni RAFFY ANTES

Naitampok kamakailan ang karanasan ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) sa United Nations International Strategy for Disaster Reduction (UNISDR) Global Platform Conference on Risk Transfer and Insurance for Resilience sa Cancun, Mexico.

Ang Global Platform for Disaster Risk Reduction na naitatag taong 2006 ay sinasabing nangunguna sa buong mundo pagdating sa pagtitipon ng *stakeholders* na nakatuon sa pagbabawas ng *disaster risk* at pagpapatatag ng mga komunidad at mga bansa batay sa nakalathala sa *website* ng UNISDR.

Bukod dito, ang Global Platform ang siyang pangunahing pagtitipon upang matukoy ang estado ng pagsasagawa, maibahagi ang magagandang pagsasanay at kaalaman, mapagtibay ang samahan, at magtaguyod sa pagsasama-sama ng mga programa ng iba't ibang sektor sa *disaster risk reduction*.

Karanasan ng CARD MBA

Sa presentasyon ni Shaun Tarbuck sa nasabing *conference*, nabanggit ang kasanayan ng CARD MBA sa pagbibigay ng *microinsurance* sa Pilipinas. Si Tarbuck ay isa sa mga *panelist* ng naturang *conference* at CEO ng International Cooperative and Mutual Insurance Federation (ICMIF), isang samahan kung saan ang CARD MBA ay miyembro.

Binigyang diin ni Tarbuck sa kaniyang presentasyon ang 1-3-5 *claims system* ng CARD MBA, kung saan ang lahat ng *claims* ay binabayaran sa loob lamang ng hanggang limang araw ang pagkawala. "Buong pagtitiwala ang ibinibigay ng CARD MBA sa mga komunidad sa pamamagitan ng pagtuturo sa mga ito na harapin ang kawalan at maging matatag," dagdag niya.

"Ang samahan ay mapagkakatiwalaan sa pagbibigay ng *insurance* at walang duda na kaya nilang

tugunan ang hamon sa pamamagitan ng pagbibigay ng *climate-specific products*," sambit ni Tarbuck.

Maliban sa tulong na ibinibigay ng ICMIF sa CARD MBA na itinuturing ni Tarbuck na importante, pinuri din niya ang *regulatory environment* ng Pilipinas na siyang dahilan ng samahan upang mapagsilbihan ang mas malawak na komunidad.

"Ang suportang ibinibigay ng ICMIF sa samahan ay isang instrumento upang ang aming misyon para sa mga Pilipino na mabigyan ng seguro sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansyal lalo't higit sa panahon ng pangangailangan ay magpatuloy," ani May Dawat, general manager ng CARD MBA.

Pinasalamatan ni Dawat si Tarbuck sa pagbabahagi nito ng karanasan ng CARD MBA sa nasabing *conference* na dinaluhan ng mahigit 5,000 kalahok kabilang UNISDR Global Conference... ▶ 2

CARD Bank, CARD SME Bank kinilala ng SB Corp bilang outstanding dev't partners

ni JEFFREY TANDINGAN

Kinilala ng Small Business Corporation (SB Corp) ang CARD Bank at CARD SME Bank bilang *outstanding development partners* sa katatapos na pagdiriwang ng kanilang ika-26 na anibersaryo sa Shangri-La Makati noong ika-28 ng Hulyo.

Ang taunang pagkilala ay isang tradisyon ng SB Corp upang bigyang karangalan ang mga kaanib at mga kliyente nito na nagbigay kahalagahan sa pag-abot ng mithiing pangkaunlaran at *financial targets* sa nakalipas na taon.

Ang CARD Bank at CARD SME Bank ay katuwang ng SB Corp sa pagtulong sa mga *micro, small, at medium enterprises* na makapagsimula at makapagpalago ng negosyo.

Ang dalawang bangko ay miyembrong institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) na naglalayong puksain ang kahirapan sa pamamagitan ng pagbibigay ng iba't ibang produkto, programa, at serbisyo na tumutulong sa pag-unlad ng bawat pamilyang Pilipinong kasapi nito. Handog ng CARD

kinilala ng SB Corp... ▶ 4

PANREHIYON

CARD SME Bank, handa na para sa mga Zamboanguenos ▶ 6



PANGKALUSUGAN

Paghahatid ng serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad ▶ 11



STOCKHOLDERS' SECTION

Pagsisikap para sa kinabukasan ▶ 12



CARD Bank, nagdiwang ng 20 taong serbisyo para sa pamilyang Pilipino

ni JEFFREY TANDINGAN

Ipinagdiwang ng CARD Bank ang dalawang dekadang pagbibigay serbisyo sa pamilyang Pilipino noong Setyembre 1, 2017 sa CARD-MRI Development Institute, Inc. (CMDI), Brgy. Tranca, Bay, Laguna, na may temang “20 taong paghahatid ng makabuluhang serbisyo para sa bawat pamilya”.

Sa mga darating pang taon, patuloy ang CARD Bank sa paglalaan ng produkto at serbisyo nito sa publiko sa tulong ng modernong teknolohiya.

Teknolohiya bilang madaling access sa serbisyong pampinansiyal

“Sisiguraduhin ng CARD Bank na patuloy ang paglago at paglawak ng mga serbisyo sa pamamagitan ng modernong pagbabangko,” ayon kay CARD Bank Senior Management Adviser, Dr. Dolores Torres. “Patuloy naming pagagandahin ang mga produkto at serbisyo batay sa pagbabago ng pangangailangan ng aming mga kliyente at miyembro,” dagdag niya.

Ipinagmamalaki ng

CARD Bank na sila ang pinakauna sa industriya ng *microfinance* na gumamit ng *core banking system*. “Mula sa nakagawiang tradisyunal na operasyon ng pagbabangko, umusad na kami papunta sa teknolohiya ng *core banking system* upang makapagbigay nang mas maganda at mas matibay na resulta sa aming mga serbisyo,” sabi ni CARD MRI Managing Director, Flordeliza L. Sarmiento.

CARD Bank papunta na sa mobile banking

Inilunsad ng CARD Bank ang konek2CARD, isang mobile application kung saan pwede ng malaman ang balanse at *transaction history* ng inyong CARD Bank Matapat

ATM card. Maaari na ring mag *fund transfer* gamit ang mobile app na ito. “Sa pagsisiguro naming maging epektibo ang aming *mobile banking*, patuloy pa naming pinalalawak ang kakayahan ng *mobile app* na ito, upang makapagbigay pa ng ibang serbisyo tulad ng pagbabayad ng *bills*, *loans*, *mobile remittances* at marami pang iba,” sabi ni CARD Bank President, Marivic Austria.

Mula sa mensahe ni Abraham Lorenzo ng Supervision and Examination Sector ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), inaasam ng BSP na maitaas ang bilang ng *electronic transactions* mula 1% hanggang 20% pagdating ng taong 2020 sa tulong ng National Retail

Payment System (NRPS). Ang sistemang ito ay isang patakaran at regulasyon na naglalayong maging ligtas, maasahan at abot-kaya ang *retail payment* sa bansa. Pinuri niya ang CARD Bank bilang isa sa mga nangunguna sa *financial inclusion*, “Dahil sa paggamit ng makabagong teknolohiyang ito, ang CARD Bank ay patungo na sa nilalayon ng industriya ng pagbabangko.

Binanggit ni CARD MRI Chairman Dr. Jaime Aristotle B. Alip na ang kinabukasan ng pagbabangko ay ang pag-usad sa pagiging *digital*. “Gusto naming dalhin ang aming mga miyembro sa susunod na antas, kaya naman hinihikayat namin sila na maging aktibo sa *mobile*

CARD Bank 20 taong serbisyo... ▶ 4

Zero Dropout Program ng CARD MRI, tumanggap ng P270k na tulong pinansyal mula sa mga kompanya ng microinsurance

ni RAFFY ANTES

Tumanggap ang CARD MRI Zero Dropout Program ng *scholarship assistance* na nagkakahalaga ng Php278,425 mula sa dalawa nitong *microinsurance companies* na CARD MRI Insurance Agency, Inc. (CaMIA) at CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI).

“Ang mga donasyon ay nalikom mula sa mga nabentang *microinsurance policies* ng dalawang kompanya. Sa bawat policy na nabebenta, hindi bababa sa Php2.50 ang napupunta para sa *scholarship program*,” ayon kay CPMI Chief Operating Officer Roselito Magpantay. Sa unang anim na buwan ng taon, ang dalawang kompanya ay nakabenta ng 113,370 *microinsurance policies*, partikular na tumutukoy sa Sagip Plan.

“Ang kakaibang konsepto ng Zero Dropout Program ang nagbigay

inspirasyon sa CaMIA at CPMI na simulang maabot ang kabataang Pilipino na nagnanais makapagtapos ng kanilang pag-aaral,” ani COO Magpantay.

Ayon kay Vener Abellera, presidente ng CaMIA, ang inisyatibong ito ay naglalayong suportahan ang kampanya sa edukasyon ng CARD MRI na “One Family, One Graduate”. “Maliban sa *microinsurance*, itinuturing din namin ang edukasyon bilang isa sa pinakamahalagang *safety net* na mayroon dapat ang mga Pilipino,” pagdaragdag ni President Abellera.

Taong 2016 nang ilunsad ng CARD MRI ang kampanyang “One Family, One Graduate” upang masiguro na isang miyembro ng pamilya sa bawat pamilyang Pilipino ay may makatatapos

Zero dropout program... ▶ 4



Isang dekada ng pagprotekta sa mga tahanan. Ipinagdiwang ng CARD MRI Insurance Agency, Inc. (CaMIA) ang isang dekada ng pagbibigay ng *non-life insurance products* sa pamilyang Pilipino sa buong bansa noong ika-2 ng Agosto, 2017. Layunin ng CaMIA na makapagbigay ng *life at non-life insurance products and services* nang naaayon sa oras at nasa murang halaga para sa mga kliyente at miyembro ng CARD MRI at maging sa mga kaanib nito. Kabilang sa mga *insurance product* ng CaMIA ay ang Sagip Plan (*family insurance package*), CARD Care (*daily hospitalization income benefits*), Burial Assistance Program, BINHI (*crop insurance*), Kabuklod Plan (*group insurance*), Group Life Insurance, Health Care Program at *non-life insurance* kabilang na ang Casualty Insurance, Electronic Equipment Insurance, Surety Bonds, at Director and Liability Insurance. Sa loob ng 10 taon, nakapagseguro na ang CaMIA ng 3.6 na milyong Pilipino at nakapagbayad ng *claims* na nagkakahalaga ng Php581 milyon. Ang CaMIA ay isa sa mga miyembrong institusyon ng CARD MRI. Sa larawan ay ang mga ehekutibo ng CaMIA kasama ang Microinsurance (MI) coordinators na siyang mga kliyente ng *microfinance* ng CARD. Binuo ang MI Coordinators upang maging *new sales force* ng CaMIA. - ni RAFFY ANTES

UNISDR Global Conference... ◀ 1

na ang *policy makers* at *disaster risk managers* mula sa iba't ibang bansa.

Sa ngayon, 18 taon na ang CARD MBA sa pagbibigay ng *insurance* sa mga kliyente ng CARD, Inc., CARD Bank, Inc., CARD SME Bank, Inc., at Rizal Bank, Inc. Lahat ito

ay kapatid na organisasyon ng CARD MBA na may 98% na kababaihang kasapi. Nananatili pa rin ang CARD MBA bilang isang malaking *women-led organization* na binubuo ng 3.66 na milyon na *policy holders* na sumasakop sa 12.97 milyong indibidwal.

CARD Mutually Reinforcing Institutions

LIKE US ON FACEBOOK



Remit to WIN! Raffle Promo

MECHANICS

1. Ito ay open sa lahat ng CARD Sulit Padala customer edad 18 pataas.
2. Magpunta sa alinmang **Rizal Bank Inc. CARD SME Bank, at CARD Bank** branch na malapit sa inyong lugar at magpadala ng pera sa pamamagitan ng CARD Sulit Padala.
3. Ang bawat qualified transaction ay katumbas ng isang raffle entry. Ang inyong remittance transaction Reference Code ang magsisilbing raffle entry na makikita sa CARD Sulit Padala Official Receipt.
4. Ang customer ay maaaring magkaroon ng higit pa sa isang (1) raffle entry sa loob ng promo period.
5. Ang pagsali ay mag-uumpisa sa **September 1, 2017 hanggang December 29, 2017, 4PM.**
6. Ang mananalo ay pipiliin sa pamamagitan ng Computer Generated Raffle na gaganapin sa **January 8, 2018, Monday, 4 PM** sa **CARD Bank Inc., Executive Office, 20 M.L. Quezon City Subdivision, San Pablo, Laguna.** Ito ay pamumunuan ng CARD Bank, Inc. - Marketing Unit kasama ang Department of Trade and Industry (DTI) representative bilang witness sa gaganaping draw.

NAGPADALA WINNERS

Ang **Rizal Bank Inc. CARD SME Bank, at CARD Bank** branch ay may tigtatatlong mananalo ng mga sumusunod na prizes

- 1st prize - P5000 worth of Mga Likha Ni Inay Products
- 2nd prize - P3000 worth of Mga Likha Ni Inay Products
- 3rd prize - P1000 worth of Mga Likha Ni Inay Products

Note: - Prizes are not convertible to cash.

CONTROL MEASURES

- Ang customer ay maaari lamang manalo ng isang (1) beses. Kung ang pangalan ng customer ay sakaling mabunot ng higit pa sa isang (1) beses, ang premyo na may mas mataas na halaga ang mapapanalunan.
- Ang mga empleyado ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (MRI) at ang kanilang mga kamag-anak up to the second degree of consanguinity or affinity ay hindi pinapahintulutan na sumali sa promo.

PAANO MAG-CLAIM NG PREMYONG NAPANALUNAN:

- Ang mga nanalo ay makakatanggap ng Notification Letter sa pamamagitan ng koreo (registered mail) mula sa CARD Bank, Inc. Sundin lamang ang mga instructions na nakasaad sa sulat.
- Ang napanalunan ay maaaring ma-claim sa pinaka malapit na Rizal Bank Inc., CARD SME Bank at CARD Bank branches sa inyong lugar.
- Magdala lamang ng dalawang (2) valid I.D, kasama ang orihinal na "Notification Letter" at kopya ng nanalong Official Receipt.
- Ang mananalo ay mayroon lamang animnapung (60) araw (mula sa araw na matanggap ang Notification Letter) para ma-claim ang premyo. Kung lalampas sa nasabing araw ay maaaring ma-forfeit ang premyo ayon sa pahintulot ng DTI.

ANNOUNCEMENT OF WINNERS

- Ang mga listahan ng nanalo sa draw ay maaaring makita sa lahat ng branches CARD Bank, CARD SME Bank at Rizal Bank Inc. nationwide.
- Maaari ring mag browse sa Facebook Fan Page ng CARD MRI. (www.facebook/CARDMutuallyReinforcingInstitutions) para sa full set of winners.
- Ang date ng announcement of winners ay sa January 9, 2018.

LIST OF BRANCHES

RIZAL BANK INC. BRANCH: RIZAL BANK INC. HEAD OFFICE, STA CRUZ LAGUNA, TAYTAY BRANCH, TANAY BRANCH, SAN FERNANDO BRANCH, ANGELES BRANCH, TAGUIG BRANCH, SOLANO BRANCH, MALOLOS BRANCH, IBA BRANCH, DUMAGUETE BRANCH, BAYAWAN BRANCH, CARCAR BRANCH

CARD SME BANK BRANCH: CARD SME SAN PABLO CITY HEAD OFFICE, CALAMBA CITY BRANCH, STA ROSA CITY BRANCH, SAN PEDRO BRANCH, LEMERY BRANCH, STO TOMAS BRANCH, LIPA CITY BRANCH, BATANGAS CITY BRANCH, BALAYAN BRANCH, TAGAYTAY CITY BRANCH, CAVITE CITY BRANCH, DASMARINAS CITY BRANCH, NAGA CITY BRANCH, DAGUPAN CITY BRANCH, BALANGA CITY BRANCH, BULACAN BRANCH, SUBIC BRANCH, LAPU-LAPU BRANCH, GENERAL, SANTOS BRANCH, VIGAN CITY BRANCH, PUERTO PRINCESA CITY BRANCH, ZAMBOANGA BRANCH

CARD BANK, INC. BRANCHES: HEAD OFFICE SAN PABLO CITY LAGUNA, MOGPOG BRANCH, MASBATE BRANCH, TORRIJOS BRANCH, GASAN BRANCH, BAY BRANCH, DOLORES BRANCH, DIMASALANG BRANCH MASBATE BRANCH, LAS PINAS BRANCH, LA TRINIDAD BRANCH, CALAPAN BRANCH, PINAMALAYAN BRANCH, SIPOCOT BRANCH, SAN JOSE, OCCIDENTAL MINDORO BRANCH, LUCENA BRANCH, GUMACA BRANCH, SABLAYAN BRANCH, MAMBURAO BRANCH, NAGA BRANCH, MULANAY BRANCH, MAKATI BRANCH, DAET BRANCH, TAGKAWAYAN BRANCH, ROXAS, OCCIDENTAL MINDORO BRANCH, STA CRUZ BRANCH, AROROY BRANCH, ATIMONAN BRANCH, PILI BRANCH, LIBMANAN BRANCH, QUEZON, QUEZON BRANCH, PUERTO GALERA BRANCH, LUCBAN BRANCH, LEGASPI BRANCH, CANDELARIA BRANCH, MANDALUYONG BRANCH, BAGUIO BRANCH, GOA BRANCH, NABUA BRANCH, INFANTA BRANCH, LIGAO BRANCH, SORSOGON BRANCH, TIAONG BRANCH, PASAY BRANCH, LABO BRANCH, LINGAYEN BRANCH, SAN CARLOS BRANCH, URDANETA BRANCH, SAN FERNANDO BRANCH, SAN JUAN BRANCH, LAOAG BRANCH, SARIAYA BRANCH, TARLAC BRANCH, PARANAQUE BRANCH, CULASI BRANCH, TACLOBAN BRANCH, BORONGAN BRANCH, GUIUAN BRANCH, CATBALOGAN BRANCH, BORACAY BRANCH, SAN JOSE, ANTIQUE BRANCH, ILO-ILO BRANCH, MIAG-AO BRANCH, ROXAS, CAPIZ BRANCH, PASSI BRANCH, ESTANCIA BRANCH, TAGBILARAN BRANCH, BALANGIGA BRANCH, DAVAO BRANCH, BUHANGIN BRANCH, MALALAG

Participating Banks





CARD Bank 20 taong serbisyo... ◀²

banking. Umaasa kami na sa paglunsad ng konek2CARD ay makalilikha kami ng *digital entrepreneurs* mula sa aming mga miyembro.

Pagkonekta sa mga tao

Ang CARD Sulit Padala ay isang produkto ng CARD Bank. “Sa pagdami ng mga indibidwal na nagtatrabaho na malayo sa kanilang mga pamilya, gusto naming mapalapit sila sa tulong ng *remittances*,” sabi ni Austria. Gamitang CARD Sulit Padala,

maaari nang magpadala o tumanggap ang kliyente ng *remittances* sa CARD Bank, CARD SME Bank, at Rizal Bank branches. Maaari na rin silang makatanggap ng pera galing sa mga mahal sa buhay na nasa ibang bansa sa tulong ng *international remittances services* na katambal ng CARD tulad ng Transfast, XpressMoney, BDO Remit, MoneyGram, Land Bank at GCASH International.

Pinabuting serbisyo

Ang CARD Bank ay isang *microfinance-oriented rural bank* at miyembro ng institusyon ng CARD MRI na nagbibigay serbisyo sa higit 2.2 milyong pamilya sa buong bansa sa tulong ng mga pinansiyal at iba pang mga serbisyo. Ginawaran ang CARD Bank, kasama ang CARD SME at Rizal Bank ng Gold Hall of Fame Award mula sa Bangko Sentral ng Pilipinas bilang isang natatanging *Financial Inclusion Champion*.

kinilala ng SB Corp... ◀¹

Bank at CARD SME Bank ang micro at SME loans sa mahigit 2.6 na milyong kliyente nito sa buong bansa. Sa tulong ng iba pang institusyon na miyembro ng CARD MRI, nagbibigay rin ang mga ito sa mga kliyente ng programang pang-edukasyon, pangkabuhayan, pangkalusugan, at *microinsurance services*.

“Ang pagkilalang

iginawad ng SB Corp ang siyang nagbibigay lakas sa amin upang mas abutin at paglingkuran ang mga mahihirap na komunidad sa bansa,” ani Marivic Austria, presidente at CEO ng CARD Bank. Sa kabilang dako, nangako naman ang presidente at CEO ng CARD SME Bank na si Aristeo Dequito na patuloy silang magbibigay

ng mga magagandang produkto at serbisyo para sa kanilang mga kliyente.

Isang *financial institution* ng gobyerno ang SB Corp na nagpapatupad ng mga komprehensibong patakaran at programa tulad ng *finance and information services* at *training and marketing* upang matulungan ang MSMEs sa iba’t ibang panig ng bansa.



Makikita sa larawan sina Bartholomew Brillo L. Reynes, presidente at CEO ng SB Corp; Kgg. Dennis Laogan, Vice Chairperson for House Committee on Small Business and Entrepreneurship Development House of Representatives; Cynthia Baldeo, CARD SME Bank Executive Vice President and COO; Mary Ann Resplandor, CARD SME Bank General Accounting Manager; Mildred Ballares, CARD SME Bank General Finance Manager; at ang iba pang mga pinarangalan.

May kakilala ka bang katulad nila sa CARD MRI?

Natatanging Kawani Awards
2017

Hirangin ang Natatanging Kawani sa iyong Unit.

Naglabas ng bagong patakaran at alituntunin ang Community Development Group ukol sa pagpili ng inyong natatanging kawani.

Para sa inyong patnubay, basahin ang Memorandum COMDEV-2017-001 na may kalakip na information guide, fact sheet, tracking forms at certificate template.

CARD MRI
CARD Mutually Reinforcing Institutions

Zero dropout program ... ◀²

ng pag-aaral sa kolehiyo. Naniniwala ang CARD MRI na malaki ang pagbabagong maidudulot sa buhay ng isang pamilya kung may kahit isa man lamang sa kanila ang makapagtatapos ng pag-aaral.

Ayon sa mga datos ng Kagawaran ng Edukasyon, nasa 6% pa rin ang *elementary dropout rate* mula noong 2008

hanggang 2013. Higit pa rito, ayon sa sarbey na nakalap ng Functional Literacy, Education and Mass Media Survey (FLEMMS) noong 2013, lumalabas na halos apat na milyong kabataang Pilipino ang wala sa paaralan, 3.5% sa kanila ay anim hanggang 14 na taong gulang. Ang mga kabataang ito ay nagmula sa

mahihirap na pamilya na walang kakayahang sila ay pag-aralin.

“Ang edukasyon ay isang makapangyarihang sandata upang puksain ang kahirapan. Sa CARD, lagi naming isinasaisip na walang mag-aaral ang titigil sa kanilang pag-aaral anuman ang estado ng kanilang pamumuhay,” sambit ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, founder at chairman ng CARD MRI.

Negosyo centers, katuwang ng CARD members sa pagnenegosyo

ni FITZGERALD CECILIO

May matatakbuhan na ang CARD members na gustong magnegosyo! Ayon kay Sen. Bam Aquino, ang *principal sponsor* at may akda ng batas sa senado, may mahigit 600 Negosyo centers na matatagpuan sa iba’t ibang bahagi ng bansa ang handang tumulong sa sinuman na nais magsimula ng sariling negosyo.

“Noong katrabaho namin ang mga nanay ng CARD, nakita namin na malaking tulong sa kanila ang pagkakaroon ng *access* sapampinansyalnaserbisyo, katuwang sa pagbebenta ng kanilang mga produkto, at mapagsasangguniantungkol sa kanilang negosyo,” wika ni Sen. Bam na matagal ng tumutulong sa mga maliliit na negosyanteng Pilipino. Sa ngayon, binanggit

ni Sen. Bam na mahigit 800,000 *entrepreneurs* na ang natulungan ng negosyo *centers*, mula sa simpleng pagpaparehistro ng negosyo, *training* at iba pang pangangailangan. Kabilang sa mga natulungan ng negosyo center ang overseas Filipino worker na si Jaylhea Silvestre Barque, na nais magsimula ng negosyong pagawaan ng balut. Dahil

walang sapat na kaalaman sa pagsisimula ng negosyo, lumapitsi.Jaylheasanegosyo *center* sa Kidapawan City upang humingi ng tulong at payo. Agad naman siyang tinulungan ng isang *business counselor* ng Negosyo Center sa pagbuo ng isang *business plan*, na inindorso naman ng negosyo center sa DOLE-OWWA Regional Office, hanggang sa kanyang aplikasyon para sa *loan* na aabot ng PhP1.2M para sa pagbili ng 2,000 itik at dalawang units ng incubator na may kapasidad na 20,000 itlog. Ngayon, tumatakbo na ang negosyong paggawa

ng balut ni Jaylhea, salamat sa tulong na ibinigay ng negosyo center-Kidapawan, mula sa pagbuo ng *business plan* hanggang sa pag-asikaso ng *business loan*. “Sa tulong ng negosyo centers, natutupad ang matagal na nating pangarap na mabigyan ng karampatang suporta ang mga maliliit na negosyante para mapabilis ang kanilang paglago,” wika ni Sen. Bam. “Ngayon, may ka-partner na ang CARD at mga nanay sa pagpapalago ng negosyo,” dagdag pa ni Sen. Bam.

BAIPHIL katuwang ng CARD MRI

ni MARILEN MEDINA-RUIZ

Katuwang ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa pagsasanay ng mga opisyal at empleyado nito ang Bankers Institute of the Philippines (BAIPHIL), isang organisasyon ng mga *professional banker* na binubuo ng 61 miyembrong institusyon (*universal, commercial, government, foreign, OBU’s at thrift/ rural bank at mga katuwang na banking establishments* tulad ng Philippine Clearing House Corporation, Philippine Depository at Trust Corporation, Bancnet at *banks regulatory agencies* tulad ng Bangko Sentral ng Pilipinas, at Philippine Deposit Insurance

Corporation). Mayroon itong 300 *key bank executives* bilang mga *associate member*. Itinataguyod ng BAIIPHIL ang mga proyektong nakatuon sa edukasyon, kalusugan, kapaligiran, at sa mabababang sektor ng lipunan sa pamamagitan ng Special Projects Committee (SPC). Ito ay sumusuporta sa tatlong mag-aaral sa mataas na paaralan sa pamamagitan ng *scholarship*; pagtuturo sa mga institusyon ng *microfinance* katuwang ang Rafael Buenaventura Microfinance Foundation, Inc.; pagpapalaganap ng kaalamang pinansiyal sa *deans* at *professors* ng Philipine Association of Colleges

and Schools in Business; pakikipag-ugnayan sa Bangko Sentral ng Pilipinas at Rags2Riches, Inc.; at pagbibigay *Financial Education* at *Values Formation Programs* sa mga guro, mag-aaral at mga magulang sa pampublikong paaralan, mga nanay sa Payatas, at mga benipisyaryong OFW. Sa ngayon, mayroon ng 68 Financial Education Programs (FEPs) ang isinagawa na dinaluhan ng 8,318 sa buong bansa. Upang magkaroon ng sapat na pondo para sa FEP, nagsasagawa ang SPC ng mga *auction, paligsahan ng interbank chorale; at street dance* sa mga miyembro nitong institusyon. Nagsasagawa rin ang

SPC ng taunang medikal, *dental*, at *surgical mission* sa pakikipagtulungan ng SM Foundation Inc., lokal na gobyerno, mga ospital sa probinsya, at simbahan ng libo-libong *economically-challenged* na pamayanan. Dagdag pa rito ang pagbisita at pagbibigay ng mga regalo na magbibigay kasiyahan sa mga matatanda, naulila, batang may sakit, kabataang nagkasala sa batas, at biktima ng mga kalamidad. Taong 2013 nang ilunsad ng SPC ang Green Bank Challenge upang ipabatid ang *environmental cause* at CSR sa mga komunidad. Gayundin ang pagkilala sa Best Bank Corporate Social Responsibility

Project noong 2015 at 2017. Dahil sa proyektong ito, naipaaabot ng BAIIPHIL ang tulong nito sa nakararami sa pamamagitan ng pagbibigay ng *scholarship* sa mga maralitang kabataan, paglinang sa personalidad ng mga guro, mag-aaral, magulang sa pambublikong paaralan sa pamamagitan ng *financial literacy* at *values formation*, kasiyahan para sa mga naulilang kabataan at nakatatanda at pagpapaabot ng tulong medikal sa mga mababang sektor ng lipunan.

Ang Special Projects Committee ay pinamumunuan ni Marilen Medina-Ruiz, miyembrong Board of Trustees ng CARD, Inc. at miyembro ng Board of Directors ng CARD SME Bank.

CARD MBA, nanguna sa microinsurance MBA sector

ni RAFFY ANTES

Sa kabuuang bilang ng mga nakaseguro mula sa sektor ng MBA sa Pilipinas noong unang tatlong buwan ng taong 2017, dinomina ng CARD Mutual Benefit Association, Inc. (CARD MBA) ang buong industriya ng MBA ng higit 75.46% sa kabuuang bahagi sa merkado at 77.01% nabentang *premiums*. Mula sa datos na nakalap ng Insurance Commission, umabot sa 26.6 milyong Pilipino ang nakaseguro gamit ang *microinsurance*. “Ang *mutual benefit associations* ay nakapagtala ng pinakamataas na bilang ng nakasegurong Pilipino sa tulong ng *microinsurance*,” sabi ni Insurance Commissioner Dennis Funa.

“Ang tagumpay na ito ay nangangahulugan na marami sa ating mga kababayan ay nagseseguro na sa kanilang

hinaharap lalo na sa mga panahong hindi natin inaasahan, tulad ng kalamidad o kamatayan,” ani CARD MBA General Manager May S. Dawat. Ang CARD Pioneer Microinsurance, Inc. (CPMI) ay nanguna rin sa mga kompanya na nagbibigay ng mga *non-life insurance* na kabalikat ng CARD MBA. Ang paraan ng CARD MBA Sa Pilipinas, kabilang ang CARD sa mga unang naglaan ng produkto at serbisiyong *microinsurance* sa mga mahihirap mula 1994 sa paglunsad ng Member’s Mutual Fund (MMF) ng CARD MBA.

Noong Setyembre 9, 1999, binago ang pangalan ng pondong ito. Tinawag itong CARD MBA, Inc., isang hiwalay na

entity, *non-stock, non-profit* na pagmamay-ari at pinamamahalaan ng mga miyembro. Mula sa unang layunin na *loan redemption*, ang CARD MBA ay magbibigay na ng *Life Insurance Program, Retirement Fund, Donated Benefits, Build-Operate-and-Transfer (BOAT) Program, Golden Life Insurance, mass wedding, at disaster relief assistance*. “Noon, tanging ang mga may-kaya lamang ang nakaseguro at ang mga walang kaya ay naiiwan na lang,” sabi ni Dawat. “Ang diperensiya ng mataas na presyo ng mga *insurance* at ang kapasidad ng mga mahihirap na mabayaran ito ay lubusan ng naging pangunahing problema ng *microinsurance*,” dagdag ni Dawat. Hanggang Hulyo 2017, ang CARD MBA ay nakapagtalang 13.8 milyong nakaseguro na Pilipino at may kabuuang Php 575M. Ayon sa CARD MBA president na si Eulalia Villanueva, ang stratehiyang pagtulong at pagbayad ng *claims* ng mga kliyente sa loob lamang ng

8-24 na oras ang nagbigay sa CARD MBA ng magandang reputasyon sa buong bansa. “Mula sa 1-3-5 day target noon, ang CARD MBA ay mayroon ng 8-24 *hour strategy*, upang mas madaling tumugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng samahan,” dagdag ni Villanueva. Sa ngayon, ang nabayaranang *claims* mula sa mga kliyente at pamilya nito ay 98.17% at 97.64%. Ang paraan ng CPMI Bago mabuo ang CPMI, kliyente na ng *microinsurance line* ng Pioneer Life Inc. ang CARD. Sa taong 2013, nagtala ang dalawang institusyong ito sa kasaysayan upang mabuo ang kauna-unahang *microinsurance company* sa Pilipinas. Pinakilala ng CPMI ang *non-life microinsurance* upang makapagbigay ng karagdagang produkto at serbisyo para sa pamilyang Pilipino. Kabilang sa mga produkto at serbisyo ng *non-life insurance* ay ang Sagip Plan(*family insurance package*), CARD Care (*daily*

hospitalization income benefits), Burial Assistance Program, at Kabuklod Plan (*group insurance*). Ayon kay COO Roselito Magpantay, nagsisimula pa lamang ang kompanyang ito ngunit nakapagbibigay na agad ng higit pa sa serbisiyong sinimulan. “Sa pakikinig sa aming mga kliyente at iba’t ibang makabagong pamamaraan ay nakarating kami sa posisyong ito,” dagdag ni Magpantay. Sa ngayon ay umabot na sa PhP361M ang nakaseguro at umabot na sa PhP36.4M ang nabayaranang *claims*. Koordineytor ng Microinsurance Upang mapabilis ang pagkakaloob ng *microinsurance* sa iba pang Pilipino, sinanay ng CARD MBA at CPMI ang mga koordineytor. Sa ngayon ay parte na rin sila sa pagbuo ng iba’t ibang produkto at serbisyo ng kompanya. “Pinapalaganap ng aming mga koordineytor na maraming benepisyo ang pagkakaroon ng *microinsurance* mula sa kani-

BALITANG PANREHIYON

CARD SME Bank, handa na para sa mga Zamboangueños

ni JEFFREY TANDINGAN

Patuloy na lumalawak ang naaabot ng CARD SME Bank sa pagbubukas nito ng ikalawang sangay sa Mindanao noong ika-31 ng Hulyo sa WLK Building, Veterans Avenue, Zone III, Zamboanga City.

Sa ngayon, mayroon ng 22 sangay ang CARD SME Bank sa Luzon, Visayas at Mindanao na naglalayong mapalapit ang mga produkto at serbisyo nito sa maraming indibidwal at pamilya na nagnanais magkaroon ng hanapbuhay o mapalago ang kanilang negosyo. Bilang isang ganap na *thrift bank*, handog nito ang malawakang saklaw ng *banking products and services*

tulad ng *savings o deposit accounts, business loans, agri-loan, at housing and car loan.*

Ang CARD SME Bank ay miyembrong institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) na nagbibigay pag-asa sa mahihirap na pamilya sa bansa. Hangad nito na mapaunlad ang bawat pamilyang Pilipino sa pamamagitan ng pagkakaroon ng puhunan, murang *insurance premiums*, serbisyong pang-edukasyon, pangkalusugan, pangkabuhayan, at iba pang mga produkto at serbisyo na makatutulong upang umangat ang antas ng kanilang pamumuhay.



Pinasinayaan nina (mula kaliwa pakanan) Atty. Wilfredo Domo-ong, miyembro ng CARD SME Bank Board of Directors, Imman Ibrahim Kausali, HJI Edwina Wadjad, MI supervisor ng CaMIA/CPMI at Aristeo A. Dequito, presidente at CEO ng CARD SME Bank ang pagbubukas ng CARD SME Bank branch sa Zamboanga City - ni JEFFREY TANDINGAN



Nagpack ng relief goods ang mga kawani ng CARD Bank Bay branch sa Laguna upang ipamahagi sa mga miyembrong nasa apektadong lugar sa Bay, Victoria, Pila at Calauan sa Laguna dulot ng *Tropical Depression Maring* at bagyong Lannie.

CARD MRI, naghatid ng tulong sa mganasalantang Bagyong Lannie at Tropical Depression Maring

ni ARVI ADRIAN BORJA

Naghatid ng tulong ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa pamamagitan ng CARD MRI Disaster Relief Assistance Program (CDRAP) sa mga apektadong kasapi sa NCR, Central Luzon, at Southern

Luzon na nasalanta ng bagyong Lannie at *tropical depression* Maring noong ika-11 ng Setyembre, 2017.

May bilang na 12,210 kliyente sa 65 *units* ng iba't ibang institusyon ng CARD MRI ang naitalang apektado sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, at

Quezon (CALABARZON).

May mga naitalang pagbaha sa Calamba, Bay, at Victoria sa probinsya ng Laguna at Lopez, Pitogo at Atimonan sa probinsya ng Quezon at ilang bahagi sa probinsiya ng Batangas.

“Napakadalang na pangyayari na magkasabay ang bagyo at *tropical depression* sa bansa. Dahil dito, dinoble namin ang aming agarang pagresponde sa ating mga apektadong mga kliyente. Nang humina na ang buhos ng ulan kinaumagahan, agad kaming bumisita at nag-abot ng *relief pack* sa kanila,” ani Marilyn Manila, head ng CARD MRI's Disaster Management Team.

Ang CDRAP ay karagdagang serbisyo ng CARD MBA, Inc., na miyembrong institusyon din ng CARD MRI na nag-aabot ng tulong sa mga apektadong kasapi sa iba't ibang lugar sa bansa tuwing mayroong mga kalamidad.

Nais mo bang i-bida ang iyong
REHIYON?

Magpadala sa amin ng balita sa kaganapan sa inyong lugar sa pamamagitan ng pag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com.



Microentrepreneurs ng CARD, nominado sa 2017 ASEAN Business Awards

ni CYRENE LUBIGAN



Suot ang naggagandahang filipiniana, nagsama-sama sa gabi ng pagkilala ang mga piling nominadong kliyente ng CARD MRI na sina (mula sa kaliwa pakanan) Esther Shiela Vitto, Victoria De Torres, Adela Rivadera, Myrna Frago, at Maria Andal para sa 2017 ASEAN Business Award.

Cagayanos, tumanggap ng livelihood training

ni JEFFREY TANDINGAN

Tumanggap ng *livelihood training* ang 53 kliyente ng CARD, Inc. sa Lallo, Cagayan Valley noong ika-7 hanggang ika-10 ng Agosto, 2017. Bahagi ito ng isinusulong na mga programa ng CARD MRI na makapagpapaunlad sa buhay ng mga kliyente nito.

“Ang pagsasanay tulad ng sa pagnenegosyo ay isang paraan upang matulungan namin ang aming mga kliyente na magkaroon ng pagbabago sa kanilang buhay,” ani

Jocelyn Dequito, executive director ng CARD, Inc. Ang CARD-MRI Development Institute (CMDI), ang paaralan at institusyon ng pagsasanay ng CARD, ay *regular* na nagsasagawa ng mga programang humuhubog sa kakayahan tulad ng *livelihood training* para sa mga kliyente lalo’t higit sa mga nagsisimula pa lamang sa kanilang negosyo.

Ang mga kalahok sa pagsasanay ay tinuruang gumawa ng *turmeric tea*.

“Sa patuloy na pagtaas ng pangangailangan ng *turmeric tea* sa mga pamilihan, gusto naming magkaroon ng mga bagong *supplier* ang Mga Likha Ni Inay (MLNI) na may potensyal sa paggawa ng *turmeric tea*,” pagbabahagi ni Julius Adrian Alip, presidente at CEO ng MLNI. Ang MLNI ang kaagapay ng CARD MRI sa pagpapakilala ng mga produktong gawa ng mga miyembro ng CARD sa *mainstream market*.

Ang tatlong taong miyembro ng CARD Bank na si Wenielyn Bakidol

Bilang isang institusyon na nagalak sa tagumpay ng mga kliyente nito, ninomina ng CARD Mutually Reinforcing Institutions ang limang kliyente nito sa ASEAN Business Awards (ABA) na ginanap noong ika-6 ng Setyembre, 2017 sa Solaire Resort Club and Casino sa Lungsod ng Parañaque. Ang gawad parangal na ito ay kumikilala sa mga namumukod-tanging negosyante sa kani-kanilang rehiyon na nagsisilbing tagapaghatid ng impormasyon sa ASEAN Economic Community at bigyang pagkilala ang mga *small and medium enterprises* o SMEs na may potensyal na makipagsabayan sa buong mundo sa kani-kanilang industriya.

Nominado sa kategoryang Women Entrepreneur Award ang mga kliyente ng CARD Bank na sina Esther Shiela Vitto ng Bahag Footwear, Myrna Frago ng Forestwood Garden, Victoria de Torres ng Princess Rasec Garden, at Adela Rivadera ng 3 Sisters’ Homemade Banana Chips. Samantala, nominado naman sa kategoryang SME Excellence si Maria Andal ng Andal’s Barrio Meals na

kliyente ng CARD SME Bank.

“Ang maging nominado sa patimpalak na ito ay maituturing naming malaking karangalan sa tulad naming *microentrepreneurs* na nagsimula sa simpleng pamumuhay. Ang maging kinatawan ng higit apat na milyong mga CARD Nanay ay lubos naming ikinagagalak,” pagbabahagi ni Vitto na hinirang bilang *regional winner* ng Luzon sa Citi Microentrepreneurship Awards (CMA) noong 2015.

“Malayo na ang narating ng ating mga CARD Nanay. Pangarap namin ito para sa aming mga kliyente na magkaroon sila ng kakayahan na makipagsabayan sa mga kilalang negosyante sa bansa maging sa ASEAN Economic Community,” ayon kay Dr. Jaime Aristotle Alip na dumalo rin sa nasabing okasyon.

Sinisikap ng CARD MRI na matulungan ang mga kliyente nito sa pamamagitan ng mga pagsasanay at *seminars*, pagpapabuti ng mga produkto at pagbebenta upang maihanda sila na makipagsabayan sa ibang negosyante sa ASEAN Region na siyang mithiin ng ASEAN Economic Community.

Juanito Seminiano, pitong taong miyembro ng CARD, ay nagtatanim ng mga halaman bilang kabuhayan. Dahil sa maliit lamang ang puhunan dito sa paggawa ng *turmeric tea*, pinaplano niya na gumawa rin ng sarili niyang bersyon nito at palaguin ito bilang negosyo. “Siguradong ibabahagi ko ang mga natutuhan ko sa kapwa ko miyembro ng CARD. Mula sa aming *loans*, ang ganitong uri ng hanapbuhay ay maaari naming gawin,” pagbabahagi ni Seminiano.

CARD MBA, nanguna...

◀ 5

kanilang karanasan,” sabi ni Dawat.

“Sa pagpuno sa kakulangan sa merkado, at sa tulong ng malikhaing pamamaraan ng pamamahagi ng produkto ng *microinsurance* at *retail*, mas maraming Pilipino ang makakaroong ng seguro,” dagdag ni Magpantay.

Microinsurance caravan

Noong 2016, tatlong sangay ng CARD MRI sa industriya ng *microinsurance*, ang CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), CARD MRI Insurance Agency (CaMIA), at CARD Pioneer Microinsurance Inc. (CPMI) ang naglunsad ng isang *caravan* upang magbigay kaalaman sa importansya ng *microinsurance*.

“Sa tulong ng kampanyang ito ay lubos kaming umaasa na makararating ang mga produkto at serbisyo ng *microinsurance* sa mga mahihirap sa bansa,” sabi ni Dawat.

Ang kliyente ng CARD, Inc. at mga miyembro ng tatlong sangay ng MRI sa pagbabangko ay lubusang nakinabang sa kampanyang ito.

5-8-40 strategy

Upang mas mapatatag ang suporta sa adhikaing maging *financially inclusive* ang buong bansa, inilunsad ng CARD MRI noong 2015 ang 5-8-40 *strategy* na naglalayong makamit ang walong milyong kliyente at 40 milyong nakasegurong indibiduwal sa loob ng limang taon.

“Lahat ng aming pagsisikap ay nakabatay sa 5-8-40 *strategy* ng CARD MRI. Pangarap namin na makamit ang *zero poverty* sa buong bansa at sa tulong ng *microinsurance*, ang lahat ng Pilipino ay magkakaroon ng seguro at ng mas maliwanag na hinaharap,” pagtatapos ni Dawat.

Lubhang nagalak naman ang mga lumahok sa nasabing pagsasanay. Si



CARD MBA nagbukas ng ika-52 provincial office sa Laoag, Ilocos Norte. Sina CARD MBA, Inc. General Manager May Dawat (gitna), CARD MBA Deputy Director for Operations Luzon-1 Aristopher Punzalan (kaliwa ni Dawat) at Chief Operating Officer Roselito Magpantay (kanan ni Dawat), kasama ang mga kawani ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), ay nagbunyi sa bagong tagumpay ng CARD MBA -ang pagbubukas ng kanilang *provincial office* sa Laoag, Ilocos Norte. Pinatutunayan ng CARD MBA na walang hadlang upang maiparating ang mga serbisyo tulad ng *microinsurance* sa mga miyembro nito lalo na sa mga liblib na lugar. Lubos na makatutulong ito sa adhikain ng CARD MRI na makapagseguro ng 40 milyong kliyente sa taong 2020. - ni ARVI ADRIAN BORJA

EDITORIAL

Isa marahil ang sistema ng pagbabangko sa Pilipinas sa mga mabilis na naapektuhan ng mga makabagong pamamaraan gamit ang teknolohiya. Halimbawa na lamang noong lumawak ang paggamit ng *computer*, naging madali ang pagsasagawa ng mga transaksyon dahil ang mga proseso ay naging *computerized* na, 'ika nga. Samantala, nagdulot naman nang mas mabilis at mas magaan ang pagkonekta sa *internet*. Isipin mo na lang na kahit nasa loob ka ng iyong bahay basta may *computer* at *internet* ka ay maaari ka pa ring makagawa ng mga transaksyon. Sa kasalukuyan, ang paglaganap naman ng *mobile phones* ay naghudyat din ng mga panibagong oportunidad para sa sistema ng pagbabangko. Gaya ng iba pang mga bangko sa bansa, hindi pinalagpas ng CARD Bank ang oportunidad na ito.

Sa pagdiriwang ng ika-20 taong anibersaryo ng pagkatatag ng CARD Bank, bumidang muli ang mgakliyente at miyembro nito sa pamamagitan ng inilunsad na *mobile application* na konek2CARD. Sa *mobile application*

Abot-kamay na pagbabangko handog ng CARD Bank



na ito, mapagagaan at mapabibilis na ang pagsasagawa ng transaksyon. Gaya ng iba pang *mobile applications*, madali lamang ang pag-download sa konek2CARD gamit ang *Android phone*. Kapag ikaw ay konektado na, kahit saan at kahit kailan ay maaari nang makagawa ng mga transaksyon sa iyong CARD Bank pledge at

Matapat (ATM) *savings accounts*. Maaari mong malaman ang iyong balanse, matingnan at masuri ang iyong mga nagawang transaksyon, makatanggap ng mga balita at anunsyo mula sa iyong bangko, at masuri ang mahahalagang impormasyong may kinalaman sa iyo. Dagdag pa rito ang serbisyo ng *e-load*,

mobile remittances, at *bills payment*.

Patuloy natumutuklas ang CARD Bank ng mga pamamaraan upang lalo pang mapagbuti ang pagbibigay nito ng serbisyo at nang marami pang mga komunidad, miyembro, at kliyente ang maabot at bumidang muli sa pagsasagawa ng mga transaksyon. Hindi kagulat-gulat na

sa mga susunod na taon ay may mga panibagong serbisyo at produkto ang CARD Bank na ihahapag sa atin. Ang lahat ng ito ay tungo sa pagampan ng layuning matulungan ang maraming pamilyang Pilipinong makabangon sa kahirapan.

Tunay nga sa sa CARD Bank, abot-kamay na ang pagbabangko!



SULONG!
Editorial Board

CARD MRI PUBLISHING HOUSE INC.

Publisher

Dr. Jaime Aristotle Alip
Flordeliza Sarmiento Marilyn Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund Centeno
Editor-in-Chief

Cleofe Figuracion
Managing Editor

Cyrene Grace Lubigan
Associate Editor

Raffy Antes
Jeffrey Tandingan Derick Licop
Writers

Lyka Casamayor
Arvi Borja
Writers/Layout Artist

Nilalayan ng pahayagang ito na mabigyang inspirasyon ang bawat mambabasa upang lalong mapabuti at mapaunlad ang kaniyang sarili, pamilya, at bansa. Isinusulong namin ang tapat at totoong pagbabalita ng mga ulat na mahalaga para sa inyo. Para sa iba pang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.cardmri.com, ang opisyal na website ng CARD MRI. Maaari ring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.publishing@gmail.com o cardmri.corpcomm@gmail.com.

Ang SULONG! Ang Pahayagang Pangkaunlaran ng CARD MRI ay inilalathala apat na beses sa loob ng isang taon tuwing kamakalawang buwan sa pamamagitan ng CARD MRI Publishing House Inc.

Para sa *advertising rates* at para bumili ng kopya ng Sulong, maaaring tumawag sa (049) 562-4309 o magpadala ng email sa cardmri.publishing@gmail.com

CONTRIBUTORS

Fitzgerald Cecilio - Office of
Sen. Bam Aquino
GoNegosyo
Pascuala Geñoso
Dianne Ubaldo
Marilen Ruiz- BAIPHIL

CARD MRI PUBLISHING
HOUSE INC.
M.L. Quezon St., City
Subdivision,
San Pablo City, Laguna

CARD Mutually Reinforcing
Institutions
Official Facebook page

www.cardmri.com
Official Website

Mensahe mula sa Tagapagtatag ng CARD MRI

Dr. Jaime Aristotle B. Alip



Tunay nga na kay bilis ng panahon, kasabay nito ang mabilis ding pagbabago ng ating teknolohiya. Sa ngayon, tila isang pindot na lamang sa ating mga *cellphone* ang pag-order ng pagkain, pagbili ng mga gamit, pagbook sa mga *hotel* at *airline*, at maging ang pag-arkila o pagrenta ng mga pribadong sasakyan.

Ang CARD MRI, sa tulong ng 21 nitong institusyon, ay patuloy na lumilikha ng mga produkto at serbisyo na sasabay sa patuloy na pag-usbong ng teknolohiya.

Sa katunayan, nakikita ko na ang pagtungo natin sa ikalawang yugto na kung tawagin ay *digital banking*. Kaya't binabati ko ang CARD Bank sa matagumpay nilang padiriwang ng ika-20 taong anibersaryo. Sa loob ng kanilang dalawang dekadang pagtulong sa ating mga kababayan, hindi sila tumitigil sa pagbuo ng mga programang makatutulong sa mga ito. Ang kanilang konek2CARD na isang *mobile application* na maaaring makapagtransfer, *remit*, at *transact* ng mga pananalapi ay malaking tulong sa ating mga miyembro at kliyente upang mas mapadali at mapabilis ang mga transaksyon. Gayunpaman, hinihikayat ko ang ating mga kliyente at miyembro na subukan na ang pinakabagong teknolohiya na ito upang magamit nila ang mahalaga nilang oras sa mas produktibong mga bagay.

Nakikita ko rin ang katuparan ng mga pangarap ng ating mga kasapi kung maisasakatuparan natin ang maayos na paggamit ng konek2CARD dahil ito ay magbubunga ng mga *digital entrepreneur* na silang magiging ahente sa mga itatalagang puwesto.

Buwan ng Agosto nang bumisita ako sa bansang Indonesia upang ayusin ang seguridad ng ating *core banking system*. Ito ay ang sistema na tutulong sa ating mga bangko nang sa gayon ay mapabilis at makapagbigay tayo nang mas maayos na serbisyo sa ating mga kliyente at miyembro. Bilang isa sa mga bansang may pinakamataas na antas ng edukasyon, naniniwala ako na tayo ay makasabay sa ganitong uri ng sistema.

Dagdag pa rito, ang maayos na paggamit ng teknolohiyang ito ay makatutulong sa CARD MRI na makamit ang mithiin nito na magkaroon ng walong milyong kliyente na matutulungan at 40 milyong indibidwal na nakaseguro sa taong 2020.

Sa tulong ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), makikipag-ugnayan kami sa mga bagong programa na ilulunsad ng CARD MRI na may kaugnayan sa teknolohiya upang makapaghatid ng mas maayos na serbisyo sa ating mga kababayan sa loob at labas ng bansa. Patuloy pa rin tayong makikipag-ugnayan sa mga organisasyon at samahan na may katulad na misyon na iangat ang antas ng pamumuhay ng bawat pamilyang Pilipino.

Mensahe mula sa Tagapamahala ng CARD MRI

Flordeliza L. Sarmiento



Lubos kong ipinagmamalaki ang antas ng serbisyo na ibinibigay ng buong CARD MRI sa ating mga kliyente at miyembro patungo sa ating adhikaing makamit ang *zero poverty* sa buong bansa. Patuloy nating palalawakin at pagtitibayin ang mga serbisyo upang makamit natin ang ating plano na maging walong milyon na ang mga kliyente at 40 milyong indibiduwal na ang nabigyan ng seguro sa loob ng limang taon simula 2016.

Taglay ang malasakit sa kapwa at pagtutulungan, patuloy naming pagbubutihin ang aming mga responsibilidad upang makamit ang aming layunin at maiangat ang antas ng buhay ng ating mga kababayan.

Patuloy tayong makikipag-ugnayan sa iba't ibang ahensiya ng gobyerno at ibang organisasyong kapareho ng ating adhikaing matulungan ang mga komunidad. Dudugtungan pa namin ang pakikipag-ugnayan sa mga kalapit bansa sa Asya upang mas mapagtibay ang ASEAN Economic Community. Mas agresibo tayong mapalawak ang abot ng mga serbisyo sa iba pang lugar upang mas dumami ang makaranas ng *financial inclusion*. Sa tulong ng ating mga *banking institution*, mas pagagandahin natin ang sistema sa pagkakaroon ng *core banking system*. Dahil sa mabilis na pagbabago sa teknolohiya, maglulunsad tayo ng mga programang katulad ng konek2CARD upang mabigyang pansin ang mga pangangailangan ng ating mga kliyente at miyembro.

Dahil sa teknolohiya ay nakaisip tayo ng makabagong pamamaraan upang mas mapalapit natin ang mga pamilya ng ating mga miyembro. Sinisikap nating maging aktibo upang madagdagan pa ang ating mga serbisyo. Inilunsad natin ang CARD Sulit upang matulungan ang mga miyembro na makapagpadala sa kani-kanilang mga pamilya saan man sila naroroon, sa maliit at abot-kayang halaga. Sa tulong ng programang ito ay napalapit natin ang mga pamilyang magkakahiwalay dulot ng pagtatrabaho sa ibang lugar. Mas mapapadali at mapapabilis ang kanilang pagpapadala ng pera sa kanilang mga pamilya.

Sa ngayon, gumagamit tayo ng iba't ibang paraan upang mas mapalawak ang abot ng ating mga serbisyo. Lubos tayong aktibo sa mga *social media sites* gaya ng Facebook upang makasabay sa makabagong panahon. Isang malaking bagay na gamitin natin ang *social media* upang mapaabot ang mga serbisyo sa mga miyembro sa lahat ng dako ng mundo. Ginagamit din natin itong paraan upang makuha ang mga suhestyon ng ating mga miyembro. Naglulunsad din tayo ng *online activities* upang mapadali ang komunikasyon sa mga miyembro.

Mula sa layunin ng CARD na maiangat ang antas ng pamumuhay ng mga mamamayan sa tulong ng edukasyon, tayo ay naglunsad rin ng *online crowd-funding* para sa ating mga *scholarship*. Nagiging daan ito upang maging madali nating maipagbigay-alam sa nakararami na sila ay maaaring makapagbigay-suporta sa edukasyon ng kabataan

Sa mga pagsubok na maaari nating makaharap, mas magiging matatag tayo at pangungunahan natin ito upang makamit ang ating layunin. Hindi magiging hadlang ang patuloy na pagbabago sa mundo dahil sa teknolohiya. Sa halip, gagamitin natin ang teknolohiya upang mas mapalawak at mapagting pa ang ating mga serbisyo. Lagi lang nating isipin na kaya natin ito!

REPLEKSYON



ni CYRENE LUBIGAN

Isang malaking parte na ng buhay ng isang Pilipino ang Facebook. Bago kumain, *#selfie* muna with friends o picture muna sa pagkain. Kung gustong malaman ang *latest* sa pamilya o kaibigan, pumunta lamang sa kanilang *profile* upang makita ang kanilang pinagkakaabalahan. Imbes na magpload para

magtext, magchachat nalang sa *Messenger*; libre pa. May iba pa nga na ginagamit ito para magbenta ng kanilang serbisyo o produkto. Ganito na kadali kumonekta gamit lamang ang inyong *cellphones* sa pamamagitan ng Facebook.

Ngunit minsan dahil sa kalayaang natatamasa natin

sa *social media*, naabuso na natin ito. Tandaan, hindi masama ang paggamit ng teknolohiya, ngunit kung ito ay nakaaapekto na sa iyong buhay sa negatibong paraan o nakasasakit na sa iba, kailangang na natin itong solusyunan.

Paano nga ba magiging makabuluhan ang paggamit natin ng *Facebook*? Narito ang ilan sa mga payo ukol sa paggamit ng *social media*:

1. Mag-ingat sa impormasyong nila-like at

sine-share.

Suriing mabuti kung totoo ang impormasyong inyong binabasa o minumungkahi sa iba. Hindi lahat ng nasa *internet* ay kailangang paniwalaan. 'Ika nga ng isang *social media campaign*, think before you click.

2. Maging maunawain sa opinyon ng iba.

Naranasan niyo na bang magbasa ng comment sa Facebook na ikinainit ng inyong ulo? Na noong

binasa niyo ay narinig niyo sa utak niyo ang boses ng nagkomento? Huwag kang mag-alala dahil hindi lamang ikaw ang nakaranas niyan. Sa dami ng tao sa *internet* ay ganoon rin karami ang magkakaibang personalidad, paniniwala at opinyon sa iba't ibang bagay. Hindi sa lahat ng oras ay sasang-ayon ang lahat ng tao sa iyo at gayundin naman, ikaw sa kanila. Matutong magpasensya at maging mas maunawain pa.

BALITANG PANG-AGRIKULTURA

Pagbabago sa sektor ng agrikultura sa Pilipinas

GoNegosyo

Ang pag-unlad ng ekonomiya ng isang bansa ay nangangailangan nang patuloy na pagkilala sa makabago at maayos na teknolohiya mula sa mga industriya. Sa agrikultura, ito ay nangangailangan sa pambansang seguridad ng mga pagkain at pagpapabuti sa buhay ng mga taong nakadepende sa pagsasaka habang siniseguro na ang mga pinagkukunang yaman ay hindi nasisira kundi mapakikinabangan. Karamihan sa mga pamilyang Pilipino ay nakadepende sa agrikultura bilang hanapbuhay. Ang pagsasaayos ng teknolohiya para sa agrikultura ay kinakailangan upang mapataas ang kita ng mga magsasaka. Sa tulong ng agham at teknolohiya, at mga pananaliksik, magiging kapaki-pakinabang ito sa industriya ng agrikultura sa pagtamasa ng seguridad sa pagkain ng bansa. Sa mga nagdaang taon, nagbago na ang mga pamamaraan tulad ng sa teknolohiya na

makapagpapadali sa trabaho lalo't higit sa agrikultura na makatutulong sa kagustuhan ng mga magsasaka, maging sa mga negosyante.

Ang “Agrinnovation” ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PhilMech) ay may walong uri ng makina para sa iba't ibang mga pananim at dalawang “technological systems” para sa soybeans. Sa pamamagitan ng Agrinnovation, naisakatuparan ng PhilMech ang pagbuo ng farming technologies na handa para sa 18 buwan ng pagkukop sa halip na tatlo hanggang anim na taon. Kabilang dito ay ang: *Cassava Digger, Cassava Belt Drier, Pectin Extraction System, Village-level Cocowater Pasteurizer, Compact Corn Mill, at Brown Rice Huller and Root Crop Washer.*

Ang Monsato's Agricultural Biotechnology naman ay nakatulong sa mga pananim sa maraming paraan tulad ng paglaban tuwing tagtuyot at pag-iwas sa mga sakit na nakapagpabuti sa

pag-aani. Ang paggamit ng biotechnology sa agrikultura ay nakatulong sa mga magsasaka na magkaroon ng mga epektibong solusyon na posible sa pamamagitan lang ng conventional plant breeding. Dahil dito, patuloy na lumilikha ang Monsato ng iba't ibang uri ng buto ng mga gulay na magagamit ng mga magsasaka sa kanilang pagtatanim na makakamit ng bawat isa. Sa pamamagitan nito, mabilis na matutugunan ang pangangailangan sa mga pamilihan tulad ng sa gulay.

Ang Philippine Rice Research Institute (PhilRice), sa pamamagitan ng programa nitong FutureRice ay matutugunan ang pananaw sa hinaharap ng bansa. Ang future farms ay automated, konektado sa apps, pagtitipid ng tubig, harness green energy, at paggamit ng natural na mga pataba at pesticides. Nagnanais din ito na makuha ang loob ng mga kabataang Pilipino na magkaroon ng interes sa agrikultura sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano

ang nakagisnang paraan ng pagtatanim ay gagamitan ng teknolohiya tulad ng: multiple crops o intercropping, water harvesting, renewable energy tulad ng solar light, field water at weathering monitoring system, rice crop manager, at floating farm.

Ang pagpapatupad ng Department of Agriculture ng mga plano sa pagsasaayos sa sektor ng agrikultura sa paglulunsad ng “FIELDS” na ang ibig sabihin ay Fertilizer, Infrastructure, Extension and education, Loans at insurance, Dryers at iba pang post-harvest facilities, at Seeds in the middle of the rice crisis. Ito ay tumutulong sa mga magsasaka ng palay at ibang stockholders sa rice industry. Bilyong piso ang inilaan para sa emergency agricultural program na ito. Ang mga pampridadong sektor ay hinihikayat din na isagawa ang corporate farming o iseguro na ang mga empleyado ay nakatatanggap ng rice subsidies sa pamamagitan ng pagtatanim ng bigas mula sa malalaking korporasyon sa bansa.

Ang Agricultural Mechanization Program ay

may core projects tulad ng: design and development of a multi-crop pneumatic seeder na may fertilizer applicator, development of a burner for oil and other liquid fuels, development of corn sheller for high-moisture shelling, development and introduction of appropriate mechanization technology for local vegetable production, design and development of pneumatic dryer for agricultural by-products. Vegetable washer, root crop slicer, biomass-fed soil sterilizer, plunger-type sprayer, precision agriculture, pest selfie (a smarter pest identification software mobile app).

Sa isang agrikultural na bansa tulad ng Pilipinas, ang mga pagbabago sa agrikultura ay kinakailangan upang tumaas ang produksyon sa mga pananim, manggagawa at maging sa lupang sakahan. Ang mga pagbabago sa operasyon ng pagsasaka ay nagbibigay ng maraming pakinabang tulad ng napapanahon at mahusay na operasyon sa pagsasaka, pagbawas sa oras ng paggawa ng mga manggagawa, at pagtaas naman sa labor at land productivity. Ang patuloy na aplikasyon ng teknolohiya sa agrikultura at sa sistema ng agrikultura ay magiging kapaki-pakinabang sa lahat.

FACEBOOK ...

3. Huwag ubusin ang iyong oras sa Facebook.

Bagaman kilala ang Pilipinas na isa sa may pinakamahabang oras na ginugugol sa Facebook, huwag itong gamiting katwiran para magbabad sa iyong cellphone o

laptop. Maglaan lamang ng nakatakdaang oras sa Facebook. Kung oras ng trabaho o eskwela, unahin muna ang mga kailangang tapusin. Kung family time naman, ipagpaliban muna ang pag-update ng status o pag-like sa display picture ng iyong kaibigan. Marami

pang pagkakataon upang maipost ang #ATM mo, pero ang trabaho, eskwela, at pamilya ay mas mahalaga.

4. Pahalagahan pa rin ang mundo sa labas ng Facebook.

“Picture-an mo naman ako rito, i-popost ko lang sa Facebook. Pusuan mo na rin

ha!” Pamilyar, ‘di ba? Minsan ay ginagawa natin ang ibang bagay upang may maipakita sa ating mga social media account. Bagaman hindi naman masama na magpost sa iyong Facebook account, ‘wag lamang itong gawin dahilang upang hindi mo na maenjoy ang iyong buhay. Tandaan rin natin na ang bawat sandali sa ating buhay ay hindi na ulit babalik pa. Live for the moment and not just for the Facebook Live!

5. I-follow lamang ang mga tao o Facebook Pages na makatutulong sa iyong paglago.

Maraming bagay ang maaaring matutunan sa Facebook. Kung ito ay makabubuti sa iyong buhay at makakadagdag ng kabuluhan sa iyo, ipagpatuloy ang pagfollow sa profiles o pages na ito. Ngunit kung ito ay nakapagdaragdag lamang ng stress o kabigatan sa

iyong buhay, wag mag-atubiling magunfollow!

Ang Facebook ay isang magandang instrumento upang mas mapadali at mapagaan ang ating pang-araw-araw na komunikasyon. Sa paggamit nito sa matalinong paraan, tiyak na ito ay makadaragdag pa ng halaga sa ating mga buhay. Katulad ng CARD MRI na ngayon ay ginagamit na ang social media upang mas mapalawak ang nakababatid ng misyon nito na matuldukan ang kahirapan sa bansa, ikaw rin ay maaaring magamit ito para sa mas magandang layunin. Gamitin mo ito upang makapagbukas ng kamalayan ng iba ukol sa iyong adbokasiya o kaya naman ay upang makapagbigay inspirasyon sa iba.

Tara, baguhin natin ang mundo sa pamamagitan ng makabagong paraan!



Ang History of San Pablo: Reviewed, Rewritten and Retold ay maaaring mabili sa Mga Likha ni Inay Outlets. Maaari ding tumawag sa (049) 562-4309 o mag-email sa cardmri.corpcomm@gmail.com. cardmri.publishing@gmail.com

BALITANG PANGKALUSUGAN



Paghahatid ng serbisyong pangkalusugan sa mga komunidad. Nanguna ang Microfinance and Health Protection (MaHP) Program ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) sa paghahatid ng *regular community clinic* sa Basak, Bontores, Cebu City. Binubuo ang community clinic na ito ng mga *retainer physician* at nars ng CARD MRI kung saan nagsasagawa sila ng pangkalahatang konsultasyon sa mga miyembro nito. Isa ito sa mga gawain ng CARD MRI upang matulungan ang mga kliyente nitong walang kakayahang pumunta sa *health facilities*. Si Nanay Leonida Tomaqui (kanan), pitong

taong kliyente ng CARD sa Cebu, ay nagpapasalamat sa pangunguna ng CARD sa mga gawaing katulad nito. “Ito ang nagiging kaagapay ko sa pagmonitor ng aking *diabetes at high blood*. Lagi kong itinatanong sa aming *account officer* ang araw at oras ng mga konsultasyon upang hindi ako makaliban sa mga ito,” banggit ni Nanay Leonida. Sa ngayon ay umabot na sa 1,026 na Cebuanos ang natulungan ng *community clinics* para sa taong ito at humigit 27,500 na kliyente at pamilya ng *microfinance* ang nakinabang sa mga *community clinic* sa buong bansa. - ni RAFFY ANTES

BALITANG PANG-EDUKASYON

Abot-kamay ang kolehiyo sa batas na libreng tuition

ni FITZGERALD CECILIO

Abot-kamay na ang pangarap ng mga Pilipinong makapagtapos ng kolehiyo dahil isinabatas na ang libreng *tuition* at *miscellaneous fees* sa mga pampublikong unibersidad at kolehiyo, ayon kay Sen. Bam Aquino.

“Ngayong batas na ang libreng edukasyon sa kolehiyo, mababawasan ang pasanin ng ating CARD members, lalo na ang mga nanay na nagpapaaral ng kanilang mga anak at kapamilya sa kolehiyo pati sa *tech-voc schools* ng TESDA,” wika ni Sen. Bam.

Isa sa milyon-milyong makikinabang sa batas na ito ay si Nanay Joana Amarillas, isang na-CARD membersaloob ng 11 taon mula sa Batangas.

Umuutang si Nanay Joana sa CARD upang magnegosyo o magbenta ng mga prutas habang nagtatrabaho bilang *construction worker* ang kaniyang asawa.

Umuutang din siya sa CARD upang mapaaral ang kaniyang apat na anak na lalaki mula Grade 1


hanggang kolehiyo. Dalawa rito ay nagtatrabaho na ngunit mayroon pa siyang anak sa Batangas State University at ang bunso ay Grade 7 pa lamang.

“Napakaluwag para sa aming mga magulang ang libreng *tuition* sa *state university*. Siyempre, hindi na kami mamomroblema kung paano namin mababayaran ang *tuition* ng aming mga anak ngayong pasukan,” wika ni Nanay Joana.

“Ngayon, mas marami ng Pilipino ang makapagtapos ng kolehiyo at magkakaroon nang mas magandang kinabukasan. Estudyante, magulang at pamilyang Pilipino ang tunay na bida ng batas na ito,” diin ni Sen. Bam.

Nilagdaan na ni Pangulong Duterte ang Republic Act 10931 o Universal Access to Quality Tertiary Education Act, kung saan libre na ang pag-aaral sa *state universities* at *colleges* (SUCs), *local universities* at *colleges* (LUCs) at

BATAS NA ANG LIBRENG EDUKASYON SA KOLEHIYO!



RA 10931
The Universal Access to
Quality Tertiary Education Act
SEN. BAM AQUINO
PRINCIPAL SPONSOR AND CO-AUTHOR

Sa Universal Access to Quality Tertiary Education Act, ano ang kasama sa libreng edukasyon?

Nakasaad sa batas na magiging libre na ang tuition fees, miscellaneous fees, at lahat ng mandatory fees sa State Universities and Colleges (SUCs), accredited Local Universities and Colleges (LUCs), at mga Technical-Vocational Institutions (TVIs) ng TESDA.

Ipinapatibay rin ng batas ang scholarship programs at student loan program ng gobyerno.

Ano ang mga qualifications sa pag-avail ng libreng edukasyon?

State and Local Colleges & Universities: ■ Pasado ka sa admission at retention standards ng paaralan ■ Wala ka pang natatanggap na bachelor's degree ■ Matatapos mo ang degree program mo sa loob ng isang taong makalipas sa itinakdang panahon ng programa	TESDA-run TechVoc Institutions ■ Pasado ka sa admission at retention standards ng paaralan ■ Wala ka pang naibagsak na programa ng tech-voc ■ Hindi ka pa nakakatanggap ng degree sa mga kursong tech-voc na kapantay ng National Certificate (NC) III
---	---

Kailan ipapatupad ang libreng edukasyon?

Kailangan muna trabahuin at pirmahan ang Implementing Rules and Regulations (IRR) ng batas kung saan ilalahad ang mga detalye ng implementasyon.

Inaasahan natin na ipapatupad ang batas ngayong 2nd semester ng School Year 2017-2018.



Para sa karagdagan na impormasyon:

/BENIGNOBAMAQUINO

bamaquino.com bamaquino



vocational schools sa ilalim ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA).

Bukod pa rito, mayroon ding probisyon ang batas para sa *scholarship grants*

at *student loans* upang mabayaran ang iba pang mga gastusin at para din sa mga estudyanteng gustong mag-aral sa pribadong kolehiyo.

Ilang taon ding nabinbin ang panukala sa Kongreso

bago ito naipasa sa panahon ni Sen. Bam bilang chairman ng Committee on Education noong 17th Congress. Ito ang ika-19 na batas ni Sen. Bam bilang senador.

Paggunita sa wikang pambansa

Sa ikatlong pagkakataon ay nakiisa ang CARD- MRI Development Institute, Inc. (CMDI) sa pagdiriwang ng “Buwan ng Wikang Pambansa” na may temang “Filipino: Wikang Mapagbago” noong ika-23 hanggang ika-25 ng Agosto 2017. Ginanap ang iba’t ibang patimpalak na may kaugnayan sa pagiging makabansa.

Nagpamalas ng galing, talino, at talento ang mga mag-aaral ng Senior High School (SHS) at kolehiyo sa mga sumusunod na paligsahan: Masining na Pagsulat ng Tula; Masining na Pagsulat ng Sanaysay; Malikhaing Pagguhit at Paggawa ng *Poster*; Patulang Pagtatanghal; Pandayang-Isip; Balagtasang; Bigkas, Sayaw, at Awit (Bigsayawit); at Lakan at Lakambini ng CMDI 2017.

Layunin ng palatuntunan na ipaunawa ang kahalagahan ng Wikang Pambansa

bilang isa sa mga susi sa kaunlaran ng bayan; paigtingin ang pagtangkilik sa sariling lahi at kultura; at panatilihin ang pagmamahal sa wikang Filipino bilang instrumento ng pagbabago.

“Ang pagdiriwang na ito ay isang pagbabalik-tanaw sa ating lahi at pagkatao at pagpapahalaga sa mga nagawa at kontribusyon ng ating mga ninuno at bayani gayundin sa ating maaaring maging kontribusyon sa ating bayan,” anini Devernad T. Briones, Vice President for Administration and Academic Affairs.

Sa pamamagitan ng pagsulat ng tulang may tema at tugma ay naipahayag ng mga kalahok ang kanilang mga pananaw sa wika kung saan nangibabaw ang angking galing nina Mary Joy Valencia, John Romel Bayani, at Jessabel Navarro.

Samantala, natanggap

ni Alvin Alon ang unang gantimpala na sinundan ni Veronica Guevarra at Angela Grace Sandig para sa mahusay na pagsusulat ng sanaysay. kung saan malayang naisulat at naipahayag ng mga kalahok ang mga saloobin o mga katotohanang sumasalamín sa wikang Filipino.

Naging malikhain naman ang mga kalahok sa larangan ng pagguhit at paggawa ng poster. Nagwagi sina Rica Jane Espinosa, Jayson Maningas, at Jocelyn Feratero.

Ang mga kinatawan ng bawat seksyon ay tila naging makata nang sumalang sa patulang pagtatanghal. Nakamit ni Harlene Joy Reyes ang unang gantimpala. Samantala, naiwi ni Rachele Anne Tizon at Jasper Almario ang ikalawa at ikatlong karangalan para sa categoryang ito.

Dagdag pa rito, sa Pandayang-Isip ay nag-unahan

ang bawat pangkat sa pagsagot ng mga katanungang may kinalaman sa kasaysayan. Dahil sa ipinakitang katalinuhan ay nagwagi ang mga mag-aaral ng Bachelor of Science in Entrepreneurship Block 1.

Nanalo naman ang mga kinatawan ng Bachelor of Science in Accountancy sa larangan ng balagtasang kung saan ikinumpara ang wikang Filipino sa wikang banyaga. Tinalakay din ang ukol sa modernisasyon, pagusbong ng makabagong teknolohiya, at iba’t ibang pagbabago sa lipunan na nakaaapekto sa pagka-Pilipino.

Sa kabilang dako ay humanga at napabilib ang mga manonood sa pagtatanghal ng bawat pangkat sa Bigsayawit nang bigyang buhay nila ang “Wikang Filipino, Wikang Mapagbago” mula sa diwang payak ni Erico Memije Habijan kung saan

nanguna ang Grade 12 Laos.

Masigabong palakpakan naman ang sumalubong sa mga Lakan at Lakambini nang magsimula silang magpakitang gilás sa entablado at magtagisan ng talino habang itinatampok ang naggagandahan at makukulay na kasuotang Pilipino. Tatlong pares ang nangibabaw at hinirang na Lakan at Lakambini ng CMDI 2017: (Lakan at Lakambini ng Wika) Ryan Dom Peña at Ela Faith Miranda; (Lakan at Lakambini ng Panitikan) Cyrin Javilona at Allan Paolo Duna; (Lakan at Lakambini ng Balarila) Rommiel Punzalan at Robielyn Villamor.

Ang lahat ay punong-puno ng kagalakan sa mga pagtatanghal. Matagumpay na naidaos ang makabuluhang pagdiriwang. “Sana’y higit nating mahalin at ipagmalaki ang lahing Pilipino, ang sariling atin,” saad ni Briones.

STOCKHOLDERS’ SECTION


Pagsisikap para sa kinabukasan

ni ARVI ADRIAN BORJA

Isang magandang buhay ang pangarap ng bawat ina lalo na kung ito ay para sa pamilya. Si Nanay Trinidad Macapagal Toletino, 71 taong gulang, ay isang ehemplo ng isang mapagmahal na nanay at may pagsisikap upang mapabuti ang buhay ng kaniyang pamilya. Isang miyembro ng CARD si Nanay Trinidad. Nagsimula siyang magloan sa CARD noong 2006 sa halagang Php3,000 at dito niya sinimulan ang kaniyang pagnenegosyo. Isa sa mga pinakauna niyang negosyo ay ang pagtitinda ng sabon. Nagpapaigib ng tubig noon si Nanay Trinidad, at dahil sa panghihikayat sa kaniya ng mga kapitbahay ay nagsimula siyang magtinda ng sabon. Dahil dito umasenso ang buhay ni Nanay Trinidad at nakapagtayo siya ng iba pang negosyo. Nang dahil sa magandang resulta ng kaniyang unang negosyo ay nagkaroon si Nanay Trinidad ng pagkakataon na magloan muli. Umabot sa Php30,000 ang pinakamalaking loan ni

Nanay Trinidad na naging susi upang mas lumago ang kaniyang mga negosyo. Sa pagsisikap ni Nanay Trinidad, nakapagnegosyo rin siya ng *buy and sell*, kung saan nagbebenta siya ng mga *durabox*, duraparador, *dry-goods*, at iba pang pwedeng ibenta.

Dahil sa magandang hangarin ni Nanay Trinidad, pati ang kaniyang mga anak ay nagsumikap upang makapag-aral. Si Nanay Trinidad ay may siyam na anak at ang dalawa sa mga ito ay nakapagtapos ng kolehiyo. Nagtapos ang isa niyang anak ng Bachelor of Science in Electronics and Communications Engineering at ang isa naman ay Bachelor of Science in Information Technology. Ayon kay Nanay Trinidad, nagsumikap ang kaniyang dalawang anak upang makahanap ng *scholarship*. Sila ay nagpursige upang makabawas sa gastusin ng pamilya. Isa sa mga mabuting aral na naituro ni Nanay Trinidad sa kaniyang mga anak ay ang pagtitiyaga at pagsusumikap.



Bago siya magretiro ay napag-isipan niyang magkaroon ng golden life insurance upang may mapagkunan siya ng pondo kung kinakailangan. Naisip niya na kapag nagkapamilya na ang kaniyang mga anak ay maaaring hindi na niya pwedeng laging asahan ang mga ito pagdating sa pampinansyal na tulong.

Hindi masama ang mangarap ng magandang buhay para sa pamilya. Ito ang isang pinanghahawakan ni Nanay Trinidad. Kahit pa ikatlong taon lang ang kaniyang tinapos sa kolehiyo, hindi siya nawalan ng pag-asa upang

maitaguyod ang kaniyang pamilya. Dahil sa pagsisikap, mayroon na rin siyang naipon na umabot sa Php60,000. Ginamit niya itong *investment* sa isang *furniture business*. Napagawa at napaganda rin niya ang kanilang bahay dahil sa negosyong naitatag niya. Anim na taon ng *stockholders* si Nanay Trinidad.

Isa sa naging susi ni Nanay Trinidad sa paglago ng kaniyang negosyo ay isinasalang-alang niya agad kung paano mababayaran ang inutang niya. Agad niyang binabadyet ang kikitain upang mabayaran ang kaniyang *loan*. Dahil dito, hindi nadedelay sa

pagbabayad si Nanay Trinidad at patuloy pang lumalago ang kaniyang negosyo. Ayon sa kaniya, “Kung hindi tayo magtitiyaga, walang magiging magandang resulta ang negosyo.” Dagdag din niya na minsan kapag pinagsama-sama na ang mga negosyo ay hindi na pala napapansin na lumalaki na ang kabuuan nito. Pinaalalahanan din niya na pagdating sa pagnenegosyo dapat sige lang nang sige. Kailangan ay hilig mo rin ang itatayo mong negosyo upang hindi ka mahirapan o mabaguhan. Lagi niyang iniisip na magiging maganda ang

AWIT NG BUHAY: Isang kwento ng paglaban sa himig ng kapansanan

ni DERICK LICOP

Sa liriko ng imno ng CARD MRI nabuo ang malaking pangarap ng 52 taong gulang na negosyanteng si Rosario Agarin ng Sipocot, Camarines Sur na mas kilala sa tawag na Rosa. Ang awiting nagpatatag sa buhay na noo'y inakalang magwawakas na ay magkakaroon pala ng katuturan. Sa hirap ng buhay, hindi niya lubos maisip na siya ay magtatagumpay.

Si Rosa ay nagsimula sa pagtitinda ng mais, kamote cue, banana cue, ihaw-ihaw at iba pa. "Nang magkasakit ang asawa ko, natigil na siya sa pamamasada ng traysikel na siyang pangunahing hanapbuhay namin noon. Kaya nag-isip ako ng paraan upang mapaikot ang natitira naming pera hanggang sa may dumaan na magtitinda ng mais, bumili ako ng halagang isang daang piso at kumita naman ako hanggang sa naisipan ko na ring magtinda ng kamote cue, banana cue at ihaw-ihaw," ani Rosa.

Mula sa kaunting kita, pinasok na niya ang iba't ibang uring trabahang pangangailangan ng kaniyang pamilya.

PAGBUBUKAS NG PINTUAN

Ikinuwento ni Rosa kung paano nagbukas ang pintuan ng CARD sa kaniya. Aniya, hindang-hindi niya malilimutan ang pang-eengganyo sa kaniya ng isang binibini na nagngangalang Rona, isa sa mga *staff* ng CARD, na nagsabing maaari siyang sumali sa samahan upang magkaroon ng dagdag na puhunan. Sa kagustuhang makasali at magkaroon ng karagdagang puhunan, hinimok ni Rosa ang mga kapitbahay na sumali rin hanggang sa maka ipon siya ng 10 miyembro

at nakapagtayo ng center na itinatag noong Abril 2, 2002.

Naging inspirasyon niya ang imno na palagi ang inaawit sa lingguhang pagtitipon. "Mahirap talaga ang buhay kaya 'yong CARD hymn ang naging inspirasyon ko 'yon at sapul talaga sa akin kapag naririnig ko kasi totoong nangyayarisabuhay," ani Rosa.

Sa kaniyang unang *loan* na apat na libong piso, nagpundar siya ng sari-sari *store* ngunit napagtanto niya na mahina ang kita rito at hindi sasapat sa kanilang lingguhang gastos kaya nag-isip ulit siya ng panibagong pagkakakitaan.

GOLD MINE SA PILI

Iba't ibang pagsubok na ang naranasan ni Rosa bago pa matamasa ang tagumpay. Sa katunayan, dalawang beses na siyang nalugi sa negosyo. "Sa mga naging hanapbuhay namin, dalawang beses kaming bumagsak pero patuloy na bumangon," ani Rosa. Kadalasan din silang napapaalis sa kinatitirirang puwesto dahil walang sariling lupa.

Nakipagsapalaran sila sa Sorsogon sakay sa kanilang traysikel at doon nakabili ng 22 kilo na pili na siyang pinagsimulan ng kanilang negosyo. Ayon sa kaniya, wala silang alam sa proseso ng pagluluto ng pili kaya't ang unang apat na subok nila ay nasayang lamang dahil hindi maaaring ibenta, ngunit hindi sila nawalan ng pag-asa kaya sumubok silang muli. Nang mapansin nilang pwede nang ibenta ang kanilang produkto, sinubukan nila itong i-display sa kalsada at doon ay unti-unting napansin at nakilala. Dagdag pa niya, "talagang may *gold mine* sa *pili* dahil kung noon ay nakapagluluto lang kami ng 22 kilo sa loob ng isang linggo,

ngayon ay kaya na naming magluto ng limang sako."

KAPANSANANG HINDI NAGING HADLANG

Isa pa sa pinakamalaking pagsubok na kinaharap ni Rosa ay nang ma-*diagnose* siya sa sakit na "*achalasia*" noong 2008. Akala niya ay magiging mitsa na ito ng kaniyang buhay. "Nagkaroon ako ng *very rare kind of disease*, hindi alam 'yong *cause* at *cure*. Iyong pinaka *muscle sphincter* mula sa *esophagus* hanggang sa *stomach* ay hindi nagbubukas, kaya ang pagkain, naiipon. Akala ko mamamatay na ako noon, tinanigan na rin ako ng doktor. Nagdusa ako mula 2008 hanggang 2012," pagbabahagi ni Rosa.

Sa edad na 13, naging biktimar siya ng sakit na polio na nagbigay sa kaniya ng labis na kalungkutan noon. "Mahirap para sa akin na tanggapin ito

dahil sinisimulan ko nang buuin ang mga pangarap ko noon. Nagkaroon na ako ng sarili kong mundo na ako lang at hindi ako nakihahalubilo sa mga tao. Ang ibang tao kasi 'pag nakitang may kapansanan ka, mababa na agad ang tingin nila sayo. Hindi ka na nila agad tanggap," pagbabahagi niya.

Ngunit ang kaniyang kapansanan ang nagsilbing gabay niya sa pag-abot ng kaniyang mga pangarap. Nagtapos siya bilang *class valedictorian* noong elementarya, naging *choir member* sa simbahan, *dean's lister* noong nag-aaral pa sa kolehiyo, nagtapos ng BSBA major in Business Management sa Ateneo de Naga University at nakapagtrabaho ng sampung taon bilang *plant auditor* sa isang kilalang kompanya.

Ibinahagi rin ni Rosa na ang kaniyang kapansanan ang naging tulay ng kanilang wagas na pagmamahalan ng kaniyang asawa. Dahil sa kanyang pagpupursigi sa pagtatarabaho sa kabila ng kapansanan, humanga at napaibig sa kanya ang kanyang asawa.

Dagdag pa niya, ang kapansanan niya rin ang naging dahilan ng pagkakaroon nila ng maraming kostumer dahil nakita raw ng mga ito ang dedikasyon niya sa pagnenegosyo. Sa ngayon, mayroon na silang 46 na *outlet* na pinagdadalahan ng kanilang mga produkto. Ilan sa mga ito ay ang malalaking tindahan ng pasalubong at kainan sa mga probinsya ng Quezon, Batangas, Cavite, at Laguna. Dahil na rin sa kaniyang pagsusumikap, mayroon na rin silang sariling sasakyan na ginagamit sa hanapbuhay, at sariling bahay at lupa. Tatlo sa kanyang anim na anak ang nakapagtapos na sa kolehiyo. Maging ang mga empleyado niya ay binibigyan niya ng pagkakataong makapag-aral kung gugustuhin ng mga ito. Sa ngayon, bukod sa kanilang pili nut *business* ay mayroon pa silang tindahan ng mga *home appliances* sa sentro ng Sipocot at isa pang puwesto na magbubukas ngayong Oktubre.

FINALIST SA PAGKILALA SA MLNI

Awit ng buhay ... ► 15



CARD Leasing and Finance Corporation

A member of CARD MRI



CLFC Offers:

Operating Lease and Rental Lease

Vehicles

Finance Lease

Gadgets and Accessories

Start-up Loan

CLFC provides loan for start-up businesses. They can get the approval/credit decision within 5 working days. (CALABARZON Area only)

Solar Products

LED Lightning

Energy Efficient Appliances
- (DC type/solar assisted air-conditioners)
- (High efficient refrigerators)

Printing Services

Ledgers
Passbooks
Marketing Collaterals

Social Enterprise

CLFC provides partnership for inclusive growth to social enterprise or enterprise's activities, involves working with communities, group of farmers, laborers, micro entrepreneurs and sub contractors.

Contact us at:



facebook.com/CARDMutuallyReinforcingInstitutions

CLFC MAIN OFFICE

M.L. Quezon St., City Subdivision,
San Pablo City, Laguna, 4000
Philippines

Tel. no. : (049) 562-4309
Cellphone No. : 0929-776-0206
e-mail:

card.leasingandfinancecorp@cardbankph.com

Para sa kinabukasan . . . ◀12

resulta, *think positive*, 'ika nga.

Walang hadlang upang makapagtayo ng isang marangal na negosyo. Kahit ano pang pagsubok o suliranin ang dumating sa buhay ay makakamit at makakamit mo ang tagumpay sa negosyong napili. Nagsisimula ang lahat sa isang desisyon na magbabago

ng iyong kinabukasan. Kailangan din ang tiwala sa sarili na kaya mong gawin ang lahat upang makamit ang inaasam na paglago ng negosyo. Magsimula ka man sa isang maliit na tindahan, lalaki at lalaki ang negosyo sa tulong ng determinasyon, pagtitiwala, at pagsusumikap.

MGA PAMANA AT ALAALA

Isang kwento ng pagkilala kay Washington SyCip

"If there is one - and only one - message I would like all of you to remember for the rest of your lives, it is this: Be a person of Integrity!" Washington SyCip (1921-2017)

ni LYKA CASAMAYOR

"Maaga siyang umaalis ng bahay, ngunit hindi naka-uniporme. Dala-dala ang maliit na bag, suot ang pudpud na tsinelas. Nadaanan niya ang paaralan, sumilip, tiningnan ang mga kaklaseng dati ay kalaro habang wala pa si titser. Ngunit hindi na sa paaralan ang kaniyang punta, sa halip, doon sa lansangan... doon ang kaniyang bagong paglalaanan ng panahon. Sa ilalim ng init ng araw, sumisigaw, 'bili na po kayo, chicharon, chicharon!'"

Libu-libong bilang ng mga bata sa Pilipinas ang hindi nabibigyan ng pagkakataong makapag-aral. Hindi naglalaro ng patintero kundi nagtatrabaho. Sa murang edad ay nasilayan ang hagupit ng buhay, natikman ang pait ng katotohanang hindi lahat ay nakapag-aral dahil sa problemang pinasyal.

Isa ang suliraning ito sa mga nagtulak kay Washigton SyCip na mas kilala sa pangalang "Wash", isang Filipino-American

accountant at philanthropist, upang mag-isip ng mga paraang magpapabago sa nakapanlulumong takbo ng lipunan. Pinaniwalaan niyang mahalaga para sa mga bata ang humawak ng lapis at papel, hindi ng mga paninda, o ang madungisan ang mga palad hindi ng lupa mula sa pagsasaka kundi ng tinta mula sa mga makukulay na panulat.

Minsan siyang nangarap na lipulin ang kahirapan at naniwala sa kakayahan at talento ng mga Pilipino.

Siya ay ipinanganak noong ika-30 ng Hunyo, 1921 sa Maynila. Bagama't nangibang bansa, ang kinagisnang kulturang Pilipino ay nanatili sa kaniyang pamumuhay kasama ang kaniyang mga kapatid at magulang na sina Albino SyCip, isang abogado sa United States; Helen SyCip, isang maybahay.

Nakita ni Wash ang sarili na tumutulong sa mga simpleng mamamayan sa pamamagitan ng edukasyon.

Kaya naman taong 1946, itinatag ang *accounting firm* na SGV and Co. kung saan siya ay nanungkulan bilang *founder* sa loob ng higit 50 taon.

Taong 1968, si Wash ay kabilang sa mga bumuo sa isa sa mga prestihiyosong *business school* sa Asya, ang Asian Institute of Management (AIM).

Sa loob ng mahabang panahon, siya ay naging inspirasyon ng nakararami dahil sa kanyang mga adbokasiya at mga paniniwala tulad ng pagpapabuti ng edukasyon, *microfinance*, *entrepreneurship*, at kalusugang pampubliko. Naniniwala si Wash na ang pagpapahalaga sa edukasyon ang mag-aangat sa atin sa kahirapan, magiging susi sa pag-abot ng kaunlaran at pagbabago na pinapangarap ng lahat.


Dahil na rin sa kanyang mga adbokasiya at positibong pananaw sa kakayahan ng mga Pilipinong bumangon sa kahirapan, si Wash ay naging isa sa mga tagapayo ng

CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI).

Hindi rin malilimutan ang kaniyang naging ambag sa pagbuo ng konsepto at pagbibigay pondo sa programang Zero Dropout Education Scheme (Zero Dropout Program). Ito ay inilunsad ng CARD MRI na naglalayong mapag-aral sa elementarya ang mga batang Pilipino na walang kakayahang mapag-aral ng kanilang mga magulang, kung kaya't napipilitang maghanap-buhay sa halip na pumasok sa paaralan.

Nang dahil sa parehong pananaw ni Wash at ng CARD MRI, maraming bata ang natulungan at nabigyan ng pagkakataong makapag-aral at magsimulang bumuo ng kanilang mga pangarap.

Ngunit ang buhay nga namanngtao ay may hangganan. Sa siyamnapu't anim na taon ng kanyang makabuluhang buhay ay nilisan na rin niya ang pansamantalang tahanan noong ika-6 ng Oktubre 2017.



Nilisan mang nagdadalamhati ang pamilya't mga kaibigan, patuloy ang kanyang pamana at mga alaala.

Nilisan man ang mundong ibabaw, patuloy ang kanyang sinimulan tungo sa pagbabago, tungo sa kaunlaran.

Ang isang Washington SyCip ay mananatili sa puso ng bawat isa lalo't higit sa 200,000 bilang ng mga batang kaniyang binigyan ng pagkakataong mangarap at magsilbi sa ating bayan.



Maraming adbokasiya ang CARD upang matulungan ang bawat pamilya ng mga miyembro nito. Si Dr. Gelia T. Castillo ay isang prominenteng miyembro ng Board of Directors ng CARD at ehemplo ng pag-asa. Isinulong niya na mabigyan ng higit na atensiyon ang kapakanan at pangangailangan ng mga miyembro ng CARD.

Maraming pinagdaananag pagsubok si Dr. Gelia na kanyang nalampasan. Katulad ng iba, galing din si Dr. Gelia sa isang mahirap na pamilya. Nagkaroon siya ng sakit na *Tuberculosis* o TB habang siya ay nag-aaral na naging sanhi ng kaniyang pagtigil sa kolehiyo.

Para sa isang guro ng pag-asa

ni ARVI ADRIAN BORJA

Sa kabila ng mga pagsubok na naranasan niya ay nagpatuloy siya na bumangon at abutin ang kaniyang pangarap. Nakabalik siya sa pag-aaral matapos gumaling sa sakit at nakapagtapos siya ng kolehiyo bilang Magna Cum Laude.

Siya ang isa sa mga nagsulong ng programang "Balik-Eskwela si Nanay" na tumutupad sa naudlot na pangarap ng mga miyembro ng CARD na makatapos ng pag-aaral dahil sa kahirapan. Isang adhikaing lubos na makatutulong sa bawat pamilya ng mga miyembro nito upang maitaas ang pamumuhay nila. Maraming humanga sa naging buhay niya dahil sa kabila ng kaniyang edad ay makikita mo ang matinding dedikasyon upang matulungan ang bawat isa.

Sa halos 74 na naghangad na mapabilang sa programang ito, apat lang ang nakapasa upang maging iskolar ng Balik-Eskwela si Nanay. Isa si Nanay Pascuala Geñoso sa nabiyayaan na maging iskolar. Lubos ang kaniyang pasasalamat kay

Dr. Gelia dahil sa kaniyang adhikain na matulungan ang mga nanay ng CARD. Dahil sa programang ito, natulungan si Nanay Pascual na magkaroon ng tiwala sa sarili at magkaroon ng pagkakataon na maiangat ang kaniyang sarili. Nakapagtapos ng hayskul si Nanay Pascuala noong 2011 sa Plaridel National High School sa Nagcarlan, Laguna. Sa araw ring iyon ay nakasama niya si Dr. Gelia sa araw ng kaniyang pagtatapos at nasilayan nito ang isang programa na naging matagumpay. Hanggang ngayon, ipinagpapatuloy niya ang kaniyang pag-aaral sa kolehiyo sa kursong Bachelor of Science in Business Administration na dala-dala ang mga pangaral at magandang halimbawa ni Dr. Gelia.

Isang ina ang turing ng buong CARD kay Dr. Gelia dahil sa magagandang halimbawa at alaala na ipinakita niya. Hindi nila malilimutan ang pulang lipstick sa kaniyang mga labi at ang kanyang maayos na pananamit. Sa tuwing makakasama mo siya sa isang pagpupulong ay lagi kang

mapapaisip at mapapahinto sa bawat mungkahi niya. Hindi nila malilimutan ang pagiging matalas ng kaniyang memorya at ang pagiging kalmado sa lahat ng bagay. Laging aalalahanin at isasapuso ng buong CARD ang magagandang aral mula kay Dr. Gelia upang patuloy pang makapagbigay ng mas mahusay na serbisyo sa mga miyembro ng CARD. Nakalulungkot man na nawala ang isang prominenteng tagapangalaga ng CARD, ang kanyang naiwan na mga aral ay mananatili sa puso ng bawat isa sa CARD MRI.

A TIRELESS VOICE: Eulogy for Dr. Gelia Tagumpay Castillo

by Anthony Castillo-Carandang

Mr. President, Honorable Guests, Members of the Academy, Friends, Family, Ladies and Gentlemen, good morning!

Before I begin, I wanted to tell you all that my grandmother herself, gave me

the arduous task of delivering her eulogy. So as I make this feeble attempt to honor her, I please ask that as you pray for the repose of her soul - kindly add a little "hail mary" and maybe a tiny "glory be" for the salvation of my soul as well.

Because as you all know, my grandmother was a master of inspirational words and a stickler for flawless grammar. In fact, when I was 18, I represented the country in an oratorical competition in Japan - and I made the rookie mistake of asking her to proof-read what I considered to be my magnum opus...

She quietly sifted through the pages, let her glasses slide down to the tip of her nose, turned to me with a loving smile, then said in the softest of tones, "It's good, but it's too long, on top of that, you had several run-on sentences, and a dangling modifier somewhere in there". seventeen years later, her gentle reminder on the uncompromising rules of grammar, continue to haunt me.

So I beg you all, please pray that she doesn't come to me tonight with a red marker to remind me of the evils

Para sa isang Guro. . . ◀14

of dangling modifiers, and haunt me for my deplorable sentence construction.

If she does haunt me, I am sure she will appear perfectly dressed, with a perfectly styled bun on her head, and her perfect Dior Rouge lipstick shade painted on her lips. And so we begin...

One could describe Gelia Tagumpay Castillo in many ways, professor, scientist, author, activist, adventurer, ethicist, Filipino, hero, friend, daughter, sister, aunt, wife, mother, grandmother great-grandmother.

None of these labels are inaccurate – but they only succeed in describing singular facets of the multi-faceted gem that was Gelia. None of these labels fully capture... the fullness of her character...the totality of her being, ...or the wholeness of her humanity. And I honestly don't think that any singular word or phrase or speech for that matter, will ever do her justice.

If I however, at the risk of being haunted, were to venture my own phrase to fully describe my grandmother – I would describe Gelia Tagumpay Castillo as a “tireless voice”. My grandmother was always fearless in lending her voice to people who have been silenced, to ideals that have been muted, and even to hopes that have long been abandoned.

As a professor, she was a voice for holistic and critical thought; even in the midst of

populist bombastic conjecture.

As a scientist, she was a voice for “the dignity of the farmer” that is hidden deep within a “single grain of rice”; revealing to us the gallons of sweat, cups of passion, and drops of hope that the “nameless farmer” can hide inside every single white grain; even as we mindlessly gorge and waste heaping bowls of this precious “white gold”.

As an author, she was a voice for the plight and for the pride of the rural poor in the 66 countries she visited; even when urban progress and urbane prosperity was all the rage.

As an activist, she was a voice for the silenced laborers who quietly worked the land; even when the discourse was led loudly by the haughty hacenderos.

As an adventurer, she was a voice for irrepressible exploration and insatiable learning; even when the norms of being a grandmother dictated that she just stay at home and watch a telenovela.

As a woman in her 70's, she chose to sit on a 4x4 that drove through the unforgiving terrain of 5 African countries, over 14 days - visiting farmers and researchers in isolated rural communities...even when it was easier to sit on a rattan rocking chair at home instead.

As an ethicist, she was a voice for ethical business and for ethical government practices; even when it was far easier to simply do “what

everybody else did”. For my grandmother “ethics is ethics, in the mind and in the heart, you know it...from the top of your brain, to the tip of your toes”.

As a Filipino, she was a voice for national pride and for holding your head up high; even when it was easier and definitely safer, to just keep your head down in the midst of the most terrifying years of the American Civil Rights Movement.

As a brown woman studying for her masters degree in Penn State in the 50's; or for her PHD in Cornell in the 60's, she never hesitated in making her presence felt – and she always ended-up beating all the white men to the top of her class.

As a national hero, she was a voice for a plethora of problems and possibilities, ... but I loved it when she was a voice for reasonable and rational reproductive health policy – even in a country where fighting for reproductive health is often equated with blasphemy and a one-way ticket to hell.

As a friend, she was a voice for booming laughter; even when there was only blooming pain.

As a daughter, she was a voice for “working pride”; even when it was easier to feel embarrassed by her humble circumstance. She knocked with gusto on the backdoors of mansions to sell food to rich families – in order to afford her daily allowance and to pay the fare for her daily “carabao sleigh-ride” to school.

As an aunt and as a sister, she was a voice for giving; even in times where it was more tempting to keep, and even more tempting to take.

As a wife and as a mother, she was a voice for working women - unrelenting in her drive to provide for her family; even when impossible choices and painful trade-offs had to be made. My grandmother could not cook and labor “in the kitchen” - instead, she had to work outside the home, to provide her family with enough money to build a house “with a kitchen”.

As a grandmother, she was a voice for love, tolerance, and acceptance, even when her five lovely granddaughters drove her crazy. Thank god her handsome, hunky, and very humble grandson only brought her pure bliss – so she loved and accepted him for all he was, all he is, and all he could ever be.

As a great-grandmother, she was a voice for energetic pride; even as her own exuberance started to slowly float away into the silent void between life and death.

In the last moments of her life, my grandmother found it harder and harder to speak; and it broke my heart to see a woman who had been a voice for so many, to slowly lose her own.

Today though, I realize that she did not need to utter the words to say what she wanted us to hear - because at the end of her 89 years, my grandmother was not just a voice you could hear with your ears.

Her voice had become much more than mere sound... the words she shared with us throughout her 89 years now pump through our veins, her courage now fill our lungs, and her wisdom now open our eyes.

Gelia Tagumpay Castillo's voice had transcended the audible; and had become the voice in our heads, the whisper in our hearts, and the hymn of our spirits. Her voice of unfaltering encouragement and of unyielding determination, ... would melt away the doubts in our heads... her voice of unequivocal acceptance and of unconditional forgiveness, ... would whisper away the troubles in our hearts... her voice of unfaltering comfort and of unshakable solace, ... would chip away the weariness in our spirits.

As I stand here now, how her voice sounded slowly evades my memory. But one thing that I will never forget is how her voice made me feel. Love...pride...and strength... – all coming from one voice, my grandmother's.

And so to Gelia Tagumpay Castillo, professor, scientist, author, activist, adventurer, ethicist, Filipino, hero, friend, daughter, sister, aunt, wife, mother, grandmother, great-grandmother, Thank you for being our voice. Though our ears can no longer hear it – our heads, hearts, and souls are full of it. Farewell Lola. Rest now...and let us be your voice from henceforth... and so you will never be silenced... not even by death.

Awit ng Buhay. . . ◀13



Sa loob ng 12 taong pagsusumikap, napansin ang husay na ipinamalas ni Rosa sa kaniyang hanapbuhay dahil kasama siya sa mga *finalist* para sa taunang “Pagkilala sa Mga Likna ni Inay” sa darating na Disyembre ngayong taon. Ito ay paraan ng CARD MRI upang kilalanin ang mga miyembro nito na nagsumikap upang magtagumpay. Mula sa 68 nominado, ngayon ay 22 na lamang. Ang pagkilala ay nahahati sa limang kategorya at kabilang si Rosa sa Gawad Masigasig na may tatlong *finalists*. “Noong malaman kong ako ay napili sa *awarding*, naiyak talaga ako kasi biruin mo buong Pilipinas ‘yon. Ang mapili ka ay parang higit pa kaysa magkaroon ka ng premyo. Kasi ‘yong lahat ng pinaghirapan mo, nagbunga na at napansin ka,” pagbabahagi ni Rosa. Dagdag pa niya, “Hindi ko talaga

akalain na mabibigyan ako ng pansin, kaya natutuwa ako na kahit hindi ako manalo, masaya na ako na maging *finalist*.”

Hindi naging madali para kay Rosa ang pag-abot sa kaniyang mga pangarap kaya ganon na lamang ang kaniyang pasasalamat sa CARD sa tulong na ibinigay nito sa kaniya. Aniya, “hangga’t nariyan ang CARD, patuloy lang ako. ‘Ang mga ideyang pumapasok sa isipan ko, alam kong mangyayari kasi alam kong suportado ako ng CARD.”

Tunay nga na isang kahanga-hanga at magsisilbing inspirasyon ang kwento ng buhay ni Rosa. Pinatunayan niya na sadyang hindi hadlang ang kapansanan upang tuparin ang mga mithiin sa buhay basta’t maging pursigido at magtiwala sa sariling kakayahan.

CARD, nakianib sa DTI para sa programang P3

ni JEFFREY TANDINGAN

Bilang suporta sa programa ng gobyerno na Pondo sa Pagbabago at Pag-asenso (P3), lumagda sa isang *memorandum of understanding* (MOU) ang

Center for Agriculture and Rural Development (CARD), Inc. at Department of Trade and Industry (DTI) sa Philippine International Convention Center sa Maynila noong ika-18 ng Agosto, 2017.

Napagkasunduan ng CARD at DTI na ibahagi ang bilang ng mga natulungan ng CARD sa 20 probinsya na kinabibilangan ng Sorsogon, Zamboanga Sibugay, Negros

Oriental, Leyte, Catanduanes, North Cotabato, Western Samar, Mt. Province, Lanao del Norte, Eastern Samar, Agusan del Sur, Siquijor, Zamboanga del Norte, Sultan Kudarat, Bukidnon, Maguindanao, Northern Samar, Saranggani, Sulu, at Lanao del Sur.

Ang CARD ay isang *microfinance* NGO na nagbibigay ng mga serbisyong pampinansiyal at mga programang makapagpapaunlad sa pamilyang Pilipino. “Ang CARD, kahit na ito ay *financially independent* sa programa ng gobyerno ay masaya na maibahagi ang bilang ng mga natulungan nito sa programang P3 hindi lamang sa pamamagitan ng pagbibigay ng *financial access* maging sa hanapbuhay at mga pagsasanay na makapagpapaunlad sa kanila,” pagbabahagi ni Jocelyn Dequito, executive director ng CARD, Inc. “Kaagapay kami ng gobyerno na iwaksi ang kahirapan sa ating bansa,” dagdag niya.

Ang CARD at DTI ay kapwa naglalayong mapabuti ang pamumuhay ng mga

mahirap na Pilipino sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga programang tutugon sa kanilang mga pangangailangan.

“Masaya kami na nakita ng programang P3 ang halaga ng *microfinance* sa pagpapaunlad ng buhay ng bawat pamilyang Pilipino sa bansa,” ayon kay Flordeliza Sarmiento, managing director ng CARD MRI.

Ang programang P3 ang siyang sagot sa panukala ng kasalukuyang administrasyon na pigilan ang “5-6” upang matulungan ang mga maliliit na negosyante na mabigyan ng murang pautang na makapagpapabilis sa pagpapaunlad ng kanilang mga nasimulang negosyo.

Ang ugnayan na nagsimula pa noong ika-1 ng Hulyo, 2017 ay nakapagbigay serbisyo na sa 5,883 kliyente mula sa nabanggit na 20 probinsya na may PhP77,252,000 *loans disbursed*.

Patuloy ang pakikipag-ugnayan ng CARD MRI sa iba’t ibang samahan na may katulad na misyon upang sugpuin ang kahirapan sa bansa.



CARD, Inc. nagkaroon ng kasunduan sa DTI upang magbigay ng isang pamamaraan sa microfinance, sa ilalaim ng programang P3. Kabilang sa nakipagkasundo ay sina DTI Secretary Ramon Lopez at CARD, Inc. Executive Director Jocelyn Dequito (dulong kanan) kasama sina CARD MRI Managing Director Flordeliza Sarmiento, CARD MRI Founder and Chairman Dr. Jaime Aristotle Alip (gitna) and Small and Business Corp. President Bartholomew Brillo Reynes (dulong kaliwa) bilang saksi.



CARD-MRI Development Institute, Inc.
A member of CARD MRI

3E ENROLLMENT EXPOSURE EMPLOYMENT

Now accepting enrollees and transferees
for SY 2017-2018!

CMDI OFFERS:

COLLEGE

- BS in Entrepreneurship with Specialization in Microfinance
- BS Accountancy
- BS Information System

SENIOR HIGH SCHOOL

- Accountancy, Business, and Management (ABM)
- Information and Communication Technology (ICT)

TECHNICAL VOCATIONAL

- Microfinance National Certificate II
- Assessment for MF NC II

➤ CMDI has modern facilities, competent and practitioner faculty members, and an excellent school environment conducive to learning.

➤ Academic and Underprivileged Scholarships are available.

➤ CMDI offers Student Assistantship or Student Trainee Program.

➤ Scheduled transportation services are provided for students.

➤ Accredited bedspacing are available in the area.

HOW?

through the CMDI ACADEMIC
AND UNDERPRIVILEGED
SCHOLARSHIP PROGRAM

WHAT DOES THE SCHOLARSHIP COVER?

- ✓ One scholar per family
- ✓ Tuition of PhP17,500.00 annually (depending on the student's year level when the scholarship is granted: partial, half, or full)

WHO CAN QUALIFY AND AVAIL?

- ✓ Any interested individuals whether a member of CARD MRI or not
- ✓ Financially challenged individuals
- ✓ Eager to finish Senior High School (SHS) or College studies at CMDI

For more information on enrollment, call, text, or visit:

OFFICE OF THE REGISTRAR/ ADMINISTRATION
CARD-MRI Development Institute, Inc.
A member of CARD MRI
Purok 3, Brgy. Tranca, Bay, Laguna

Landline: +63 49 573 0031
Mobile: +63 947 890 2759
Website: www.cmdi.edu.ph

ENROLL
NOW!!!

WHERE TRUE PEOPLE
EMPOWERMENT BEGINS
BUT NEVER ENDS

